

# PAGTAWAG KAY JESUS SA EKSENA



Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Iyuko na po natin ang ating mga ulo.

<sup>2</sup> Makalangit na Ama, kami po'y lubos na nagagalak na mapasa hanggang ngayon ay nasa amin Ka pa rin, Panginoon. Sa panahon na ang lahat ng iba pang mga bagay ay wala na, ay narito Ka pa rin po sa amin. Ikaw po'y sa walang katapusan hanggang sa walang katapusan. Tunay na pinasasalamat Ka namin, Panginoon, para sa mga kamangha-manghang bagay na ito na Iyo pong ipinakita sa amin sa huling panahon na ito. Pinasasalamat Ka namin para sa rebaybal na ito at para sa dako na ito rito, para kay Kapatid na Carlson, para sa lahat ng mga kapatid na nagmi-ministeryo na narito sa buong palibot na nagsusumikap na itaguyod ang bagay na tama. Kami po'y nananalangin para sa kanila, Panginoon, nang buo po naming puso, na Ikaw—Ikaw ay magbubunsod ng dakilang paggising sa Chicago, Panginoon. Iyo pong ipagkaloob ito. Inaasam namin ang bagay na ito. Ngayon po'y Iyong ipagpatawad ang aming mga pagkakasala't mga pagkukulang. At ngayon, Panginoon, heto po ako na sa pisikal ay napapagal, pero sa espirituwal ay sariwa po ang aking pakiramdam, at dalangin ko na Iyo pong pananariwain kaming lahat muli ngayon at ibubunsod kami na maghanda para sa anumang bagay na Iyong inihanda para sa amin sa gabing ito. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

<sup>3</sup> Makauupo na kayo. Tunay na ito'y dakilang panahon ng pagpapanariwa sa akin. Ikinalulugod ko ito nang lubos. Hayan po ang Panginoong Jesus na nababatid nang lubos kung gaano kong—kong pinasasalamat ang Panginoon para—para rito sa bagay na Kanyang. . . para sa bagay na Kanyang ginawa para sa atin.

<sup>4</sup> Ngayon gusto ko pong pasalamat ang mga nakikinig dito ngayon para sa lahat ng inyong kabutihan at para sa inyong pakikiisa, na—na nanatili kayo rito sa amin at nakikinig sa Salita. At gayong, Linggo ng gabi, katatapos lang din ng isang gawain nitong Linggo ng hapon, pero ang dako rito'y talagang punung-puno pa rin ngayong gabi. Lubos nga ang pasalamat namin para ryan.

<sup>5</sup> Ngayon gusto ko pong pasalamat kayo para sa mumunti n'yong mga kaloob na regalo na ipinadala n'yo sa akin, na inyo pong ipinadaan kay Billy Paul. Hayan po 'yung kahon ng kendi at kahon ng biskuwit, at, alam n'yo, may kahon din ng—ng mga pira-pirasong walnut, at, oh, ang lahat nga ng mga mumunting regalo na ito't mga bagay-bagay, malaki ang kalugurang dulot

nito sa aming puso. Tunay na ikinalulugod po namin ito nang lubos. Kadalasan. . .

<sup>6</sup> Sa palagay ko nabanggit nila na nagpakolekta sila ng love offering. Di po 'yan ang dahilan ng pagpunta ko rito, alam n'yo 'yang lahat, sa loob ng maraming mga taon na ito. Hayan nga na 'yung love offering po, di ko man lang 'yun tinitingnan, di ko po 'yun nakikita. Diretso po 'yun sa—sa . . . para sa—para sa biyahe ng pagmimisyon sa ibayong-dagat, na pinaghahandaan ko't ako po'y hahayo roon agad-agad.

<sup>7</sup> Makakatagpo ko kayo roon na mga maiinam na mga taga-Norway at taga-Sweden, ang orihinal n'yong bayan kung saan po kayo nanggaling, doon sa ibayo ng Norway at Sweden; at pababa sa Denmark, tapos sa taas uli sa Finland.

<sup>8</sup> At pagkatapos hahayo naman sa ibayo para makipagkita kay Kapatid na Mattson, dun sa Kenya at Tanganyika, bibisita sa mga paaralan niya. Haya't ang kalugud-lugod na kapatid ay tunay na nagpagal nang lubos sa mga paaralan pong 'yun. Ako po'y bibisita sa kanya, para idako ang ministryo na ibinigay sa akin ng Panginoong Jesus, sa harap ng mga kalugud-lugod na mga kabataang kalalakihan na humahayo roong dala-dala ang Ebanghelyo.

<sup>9</sup> Ngayon pagkagaling ko roon, bababa ako sa Timog Aprika, uuwi, madadaanan pauwi ang bansang Tsina, bansang Hapon, at dadaan patawid sa kabilang bahagi ng mundo.

<sup>10</sup> Diyan po natin ginagamit ang mga love offering na ito. At tayo'y . . . Mangyaring 'yung mga tao sa dako roo'y wala silang kakayahan na magtaguyod ng mga gawain, kaya iniipon ko ang lahat ng naibibigay ng mga tao rito, 'yung mga pumapasok. Ni hindi po ako nagpapapalit ng tseke; may selyo po 'yun galing sa simbahan, at pupunta 'yun bilang kaloob at dun lang po 'yun magagamit, dun po lamang, kaya heto na nakababatid ako na mapupunta lamang 'yun sa tama, kita n'yo, kaya lubos-lubos ang pasasalamat namin.

<sup>11</sup> At tunay na nagagalak ako, halos walumpung porsiyento ng kongregasyon natin dito sa palibot ng Chicago ay kadalasa'y mga tubong taga-Norway o taga-Sweden, at—at sila nga'y mga kalugud-lugod na mga tao.

<sup>12</sup> Sa totoo lang po, paalis na ako ng Chicago, at pupunta ng Tucson, Arizona. Doon na po ako nakatira ngayon. At doon sa tinutuluyan ko . . . Yung may-ari po ng bahay ay isang munting taga-Sweden. Sa palagay ko po'y nakaupo siya rito ngayon, sa gabing ito, si Kapatid na babaing Larson. Doon ako tumutuloy sa tahanan niya sa Tucson, Arizona. Di ko pa siya nakikita, pero dito siya sa Chicago nakatira, at marahil narito po siya sa mga oras na ito kung wala siya roon sa Tucson. Sadya ngang kalugud-lugod, madaling pakitunguhan at mapagpa kumbaba, siya at ang

kalugud-lugod po niyang asawang lalaki. Tunay na nalulugod tayo sa kanya.

<sup>13</sup> At ngayon, Kapatid na Carlson, Christian Business Men, sa lahat po ng mga kapatid na ministro sa lahat ng dako, kayo'y masaganang pagpalain ng Panginoon. Maging ang dakong ito'y pagpalain ng Panginoon at gawing ang dakong ito'y maging dakilang dako ng pagliligtas, isang dako, na dakong kanlungan kung saan ang matuwid ay dumudulog at sila'y naliligtas. Yan ang sinsero kong pananalangin. At nagtitiwala ako nang buong puso ko na . . .

<sup>14</sup> Sa masakit, na nakahihiwang mga Mensaheng ito, kung may intensyon po ako na saktan ang sinuman, patawarin ako ng Diyos. Di ko po 'yun gagawin, sa wala. Pero heto nga na ako po'y bilango sa Salitang ito, kita n'yo, kinakailangan kong—kong manatili mismo Rito. Di po ako nagsasalita ng matitigas na pananalita para lang—para lang pasamain ang loob ng mga tao. Masakit ang pangungusap ko sa mga bagay-bagay, kung minsan, pero para ibunsod ang mga tao na tumuon, tumingin, kumbaga'y isa pong madiing pangungusap, "Oh, tingnan n'yo!" Kita n'yo, para ibunsod ang mga tao sa tumuon doon, tingnan 'yun. Pagkatapos kapag nakukuha mo na 'yung atensyon nila, marahil kung minsan ay may pagtama 'yun sa kanila. At halos siyam sa sampung beses, kung dun sa mga tao'y may kaunting pagtama 'yun sa kanila, sila nga'y tutuon para saliksikin ang mga Kasulatan, at ang Diyos na mismo ang gumagawa sa mga kakulangan doon, kita n'yo. Sadya ngang sasaliksikin ang mga Kasulatan. Kung may sabihin man ako na kung anong bagay na kontra sa mga Kasulatan, may tungkulin kayo na lumapit at sabihin sa akin ang tungkol doon, sulatan n'yo lang ako, o kung sa anumang paraan para ipaalam 'yun sa akin. At 'yan din mismo ang dahilan kung bakit may tungkulin ako sa inyo, na ipaliwanag itong mga Kasulatan. Di ko nga Ito ipaliliwanag sa inyo sa ganang akin lang; sasabihin ko lamang kung papaano mismo ang pagkasabi rito. Yun ngang sinasabi mismo ng mga Ito. Sampalatayanan n'yo 'yun, sadya ngang sampalatayanan n'yo 'yun nang ganoon.

<sup>15</sup> Ngayon, tunay ngang ikinalulugod ko ang pagbisita rito. Heto po ako na pumarito sa inyo, na pagod. Kagagaling ko lang sa mga panayam at mga pagtitipon, at kung ano pa, na ako'y talagang napagod nang husto. At dalawang pagtitipon kada araw kaya naman, buweno, masasabi kong ako po'y talagang malayo na sa kung ano ang kalagayan ko dati. Ako'y lampas beinte singko anyos na, alam n'yo, pangalawang beinte singko na po. Siyanga.

<sup>16</sup> Buweno, may isa lang akong pinanghihinayangan, na, di ko po Siya nakilala agad sa buhay ko. Ipinangaral ko po ang Ebanghelyo nung ako'y mga, sa palagay ko, mga beinte dos anyos, at kung puwede nga lang sana'y nakapag-umpisa sana

ako noon na mangaral nung natuto akong makapagsalita, na isang batang musmos pa lang. Nasasayangan nga ako—ako—ako sa mga mahahalaga sanang taon na 'yun. Kaya naman sa mga kabataan dito, tiwala ako na inyong kukunin 'yung punto kung saan ako nakapagsayang, na magsisimula kayo agad sa edad sampu, hanggang sa edad dalawampu't isa o dalawampu't dalawa, ako nga'y may pagtitiwala na magsisimula kayo nang mas bata-bata, para di kayo magbabalik-tanaw sa hinayang na binabalik-tanaw ko ngayon.

<sup>17</sup> Samahan kayo ng Panginoon, 'yan po ang dalangin ko. At ako po'y umaasa sa bagay na itinagubilin ng Panginoong Jesus na aking gawin, sa pamamagitan ng kaloob . . .

<sup>18</sup> Kita n'yo, hindi po ako, hindi ko masasabi na isa akong mangangaral, kita n'yo, dahil ako po'y, kung tutuusin, hindi po ako matatas magsalita, wala po akong edukasyon. Yan po ang dahilan kung bakit di ko masasabi na isa talaga akong—akong “mangangaral.” Dahil, kapag may nagsasabi na siya'y, “isang ministro,” dali-daling nakatuon ang mga tao doon sa digri na natapos mo sa kolehiyo, nakatuon nga sila agad sa kung anong mataas na pagka-Doktor ng Dibinidad, o kung ano. At kapag magpapakilala ka na isa kang “mangangaral,” tapos itong mga salita ko ang gagamitin mo, itong di magandang pagbabaybay ko ng mga pangungusap, 'yung mataas na tingin ay nauwi sa pagka-dismaya.

<sup>19</sup> Pero hetong ipinadala ako ng Panginoon para manalangin para sa Kanyang mga anak na may sakit. At sa katayuang ito, 'yung bagay na nalalaman ko tungkol sa Kanya, may kaluguran nga ako na ipahayag 'yun nang buong puso ko. Kung may mga mali man ako na di ko sinasadyang gawin, ipanalangin n'yo ako. Ako man ay nagkakamali rin. Ako po'y isang kapatid na tulad n'yo rin naman. At ngayon nagtitiwala po ako na ang Diyos ay may ginawa nang bagay; kung Siya'y hindi pa, nawa'y gumawa Siya muli sa gabing ito, mangusap ng ilang salita o ng kung ano na magbubunsod sa inyo na manampalataya mismo sa Kanya.

<sup>20</sup> May isa po rito na nagnanais sana na magbigay ng kaloob di pa katagalan, na, medyo malaki-laking halaga ng pera. At sabi ko, “Di ko—di ko—di ko po 'yan matatanggap.” Sabi ko, “Di ko—di ko alam kung anong gagawin diyan, kita n'yo,” sabi ko. Sabi nila . . . Buweno, buweno, nasa libong dolyar 'yun, kita n'yo. At sabi ko, “Di ko alam kung anong gagawin ko rian.”

<sup>21</sup> Sabi nila, “Buweno, talagang inilaan namin ito para sa iyo sa personal mo. Di namin ito inilaan para sa simbahan.”

<sup>22</sup> Di naman talaga ito pumupunta sa simbahan. Isa po kasi itong foundation. Kita n'yo, oo't pinadadaan 'yun sa simbahan, sa pangalan ng simbahan, pero ito'y nakabukod na pondo para sa pagiibayong-dagat lang. Kita n'yo? At kaya naman, ito, kung ang—ang mga kaloob ay di binubuwisan, kung ganoon ay doon

dapat 'yun gamitin. Ang lupon ng mga tagapangasiwa, ang mga tagapangasiwa'y nakaupo rito ngayong gabi, na pinakikinggan ako. At totoo naman talaga 'yun. At sabi ko . . .

Sabi nila, “Talagang inilaan namin ito para sa iyo at para sa pamilya mo.”

<sup>23</sup> Tseke nga 'yun. Hindi ko nga 'yun matatanggap, kita n'yo. Sabi ko, “Di ko—di ko po 'yan matatanggap.” Sabi ko, “Gusto n'yo po ba akong magkaroon ng kagalakan?”

Sabi, “Opo naman.”

Sabi ko, “Puwede ko bang gamitin ito sa kung ano man na nais ko rito?”

“Opo naman.”

<sup>24</sup> Sabi ko, “Kung ganoon hayaan n'yo akong maitulong ko ito na maibayad sa pag-iibayong-dagat ko.” At sabi ko, “Tayo nga rito'y may sapat na damit na maidadamit. Binibigyan tayo ng mga tao ng maraming maidadamit, at may pagkain mismo tayo sa hapag. May sangdaang dolyar ako kada sanlinggo mula sa simbahan.” At kaya ang sabi ko, “Ako, tayo, haya't mainam ang buhay natin dito. Hayaan n'yong magamit ko ito sa gusto kong paggamitan nito.” At ako . . .

Sabi, “Wala naman pong problema, sa inyo naman na po 'yan, gamitin n'yo lang sa makapagpapasaya sa iyo.”

At sabi ko, “Yun nga ang kagalakan ko.”

<sup>25</sup> [Isang kapatid na lalaki ang nagtungo sa pulpito at pinutol muna sa pagsasalita si Kapatid na Branham, at nagsabi, “Isang pabatid lang po. May kulay asul na Oldsmobile station wagon na nakaparada sa may likod ng kotse ni Kapatid na Branham. Ngayon, sa pag-alis po nila, di sila makakaalis dun. Kaya sa may-ari po kung narito kayo, maaari lamang na puntahan ang sasakyan at ilipat 'yun, isa pong Oldsmobile na station wagon na kulay asul na nakarehistro sa Iowa. Wala po sa akin ang numero ng plaka, pero marahil alam n'yo kung sa inyo 'yun, at kung maaari lang po na ilipat ang pagkaka parada nung kotse. Salamat po.”—Pat.] Salamat po, ginoo.

<sup>26</sup> Pag-ibig. Kami—kami nga'y lubos-lubos ang pasasalamat sa inyo na mga narito. At ngayon pagpalain kayo nang sagana ng Panginoon. At kung mapapadaan po kayo sa Jeffersonville, sige't dumaan lang kayo sa amin at kumustahin ako. Kung mapapadaan din kayo sa Tucson, sige't dumaan lang kayo sa amin at kumustahin ako, at ako'y—ako'y magagalak na makita kayo.

<sup>27</sup> Ngayon lagi, na akong nakahimpil sa may Tucson, pero ang opisina (alalahanin) nasa Jeffersonville pa rin ito. Si Billy Paul ay naroon po lagi, alam niya kung paano ako makokontak ano mang oras. Kita n'yo? Siya lang marahil ang tanging makaka alam kung nasaan ako sa mga oras na 'yan, dahil nasa labas po

ako lagi, palipat-lipat ng lugar sa isang dako, at sa isa naman. At marahil narito, sabihin na lang natin, sa Tucson; tapos mga isang oras ang makalipas, may ibibigay na pangitain sa akin ang Panginoon, na papupuntahin ako marahil ng Hawaii, kita n'yo. Kung saan nga Niya ako isusugo, doon po ang punta ko, sadya ngang walang ibang lugar kundi doon, kita n'yo. At inyo lamang akong ipanalangin. Kung di ko man kayo makita muli, sa ibayong ito ng ilog, makakatagpo ko kayo roon sa kabilang ibayo Roon. Amen.

<sup>28</sup> Ngayon bago tayo dumako sa Salita. At, sa gabing ito, nais ko pong gumugol ng kaunting—ng kaunting sandali lang, dahil nakatagpo ko ang ilan sa mga kaibigan ko rito na nanggaling pa ng Jeffersonville, at nakatagpo ko ang ilan pa sa kanila doon naman sa may kalsada, at magmamaneho pa sila ngayong gabi, pagkatapos ng gawain. At mangangaral sana ako sa paksang, *Paghahandang Pagbibilang*, na nasa dalawa't kalahating oras ang haba. Kaya kung ganoon di sila—di sila makararating agad ng Jeffersonville at aabutan sila na maliwanag na ang umaga. Kaya, heto't marami nga sa inyo na narito ang papasok pa sa trabaho. At napakinggan n'yo na ako sa buong sanglinggo, at may kagalakan ako na nakasama ko kayo. At kaya sa gabing ito sisikapin ko na magawa ang abot ng makakaya ko. Ngayon, para di po ako, di ako makapangusap at di ako makapagsabi ng ano mang mali.

<sup>29</sup> Ngayon mananalangin muna tayo bago tayo dumako sa Salita.

<sup>30</sup> Mahabaging Diyos, sa pagkakatanto na ako'y... heto nga na sa pagtanaw ko sa mga taong narito ay marahil may ilan na di ko na makikita muli. Na ito na marahil ang huli naming pagkikita rito. Na kung makabalik ako nang isang taon mula ngayon, marami marahil, marami siguro sa kanila ang wala na, sa panahon na 'yan, lalo na ang mga matatanda. At, Panginoon, napagtatanto ko na may ilan dito sa gabing ito ang may sakit, at kung di Mo po hihipuin ang kanilang katawan sa kung ano pong paraan, ako... marahil sila man ay di na rin magtatagal pa rito. At gayon din, Panginoon, ako man ay di na rin siguro magtatagal dito. Di po namin nalalaman. Iyo ngang ibunsod na kami'y maging sinsero, kung ganoon, at may pagkamasigasig, na binubulay ang Salita ng Diyos, na, "Lahat ng mga bagay ay nagkakatagpo sa gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Diyos."

<sup>31</sup> At babasahin ko po ang Salita, Panginoon. Yun lamang ang bagay na magagawa ko't ang basahin lamang ang Salita, at kami po'y aasa sa Iyo na magsaysay ng kung anong bagay o gumawa ng kung anong bagay na magliligtas sa bawat tao na di ligtas na narito sa gabing ito. Nawa'y ang Salita ng Diyos ay magkaroon ng realidad sa kanila na mga narito, ngayong gabi, Panginoon, na mga di pa ligtas, na magbunsod sa kaibuturan

ng kanilang puso na tanggapin Ka bilang Tagapagligtas nila. At nawa'y ang Espiritu Santo'y lumukob sa aming kalagitnaan ngayon, mangusap sa amin, at gawin ang gawain ng Diyos, sa pamamagitan ng pagpapatibay sa Salita na kalakip ang mga tanda. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama.

<sup>32</sup> At kapag ang buhay ay natapos na at tumungo na kami sa Walang Hanggang Buhay, sadya ngang lubos ang pasasalamat namin, Panginoon, hanggang sa oras na 'yun. At hanggang sa kapanahunan na 'yun na walang katapusan, nagnanais kami na makalagak sa Iyong paanan, at tumunghay sa Kanya na iniibig namin at sa Kanya na umiibig sa amin. Hanggang sa dumating ang sandali na 'yun, Iyo pong panatilihin na malusog kami't masaya, na pinaglilingkuran Ka. Sa Pangalan ni Jesus kami'y dumadalangin. Amen.

<sup>33</sup> [Isang kapatid na lalaki ang nagtungo uli sa pulpito at nanawagan sa may-ari ng sasakyan na ilipat ng puwesto ang sasakyan—Pat.]

<sup>34</sup> Sige't bumuklat na tayo ngayon sa mga Kasulatan, sa ika-4 na kabanata ng San Marcos, sa ika-35 talata, babasahin natin, kung gusto n'yong sumabay ng basa o—o marahil gusto n'yong ilista. Alam ko, na maraming tao, nakikibuklat sila't nilalagyan nila ng marka 'yun sa kanilang Biblia, 'yung munting teksto, kung saan kumukuha ng ipangungusap ang ministro, at kapag namarkahan na nila ay madali na nilang—nilang mababalikan 'yun. At gustung-gusto ko pong binabasa ang mga mumunti't simpleng Mensaheng ito galing sa Biblia at ipangusap ang mga ito, talagang may pagkalugod sa aking puso na gawin ito. Sa ika-35 talata po ng ika-4 na kabanata ng San Marcos.

*At nang araw ding yaon, nang gabi na, ay sinabi niya sa kanila, Tumawid tayo sa kabilang ibayo.*

*At pagkaiwan sa karamihan, ay kanilang dinala siya sa daong ayon sa kaniyang kalagayan. At mayroon siyang kasamang ibang mga daong.*

*At nagbangon ang isang malakas na bagyo, at sinasalpukan ang daong ng mga alon, na ano pa't ang daong ay halos natitigib.*

*At siya'y nasa hulihan ng bangka, tulog, natutulog sa ibabaw ng kutson: at siya'y ginising nila, at sinabi sa kaniya, Guro, wala bang anoman sa iyo na mapahamak tayo?*

*At gumising siya, at sinaway ang hangin, at sinabi sa dagat, Pumayapa, tumahimik ka. At humimpil ang hangin, at humusay na totoo ang panahon.*

*At sinabi niya sa kanila, Bakit kayo nangatakot? wala pa бага kayong pananampalataya?*

*At sila'y nangatakot na lubha, at sila-sila'y nangagsabihan, Sino nga ito, na pati ng mga hangin at ng dagat ay tumatalima sa kaniya?*

<sup>35</sup> Para sa kaunting—kaunting pangungusap, sa gabing ito, gusto kong humango ng isang teksto mula roon, at pamagatan itong: *Pagtawag Kay Jesus Sa Eksena*. Ating tawagin si Jesus sa eksena.

<sup>36</sup> Alam n'yo, nakikinita ko 'yung nararamdaman Niya nung mga panahon na 'yun. Napakarami Niyang ginawa nung buong araw na 'yun. At mangyaring. . . Siya'y napagod. At ganoon na lamang na buong araw Siya nangusap nung araw na 'yun, nagtuturo nang patalinghaga. Kung mapapansin n'yo, hayan 'yung tungkol sa binhi ng mustasa at iba't iba pang mga bagay. Napakarami Niyang ginawang pagpapagaling para sa mga may sakit nung araw na 'yun, at—at mga pagtuturo, at 'yung pisikal Niyang lakas ay halos naubos. At gaya nga ng nalalaman ng kahit sinong ministro, na dito pa lang sa mumunti nating mga pagmiminsteryo, ay ganoon na ang pagod natin doon, gaano pa kaya 'yung sa Kanya noon?

<sup>37</sup> Alalahanin, sa laman Siya'y tao lamang, pero sa Espiritu Siya'y Diyos. Hayan nga't, isang tao na nasa laman, kung kaya naman ang laman Niya'y tao na sumasailalim sa mga tukso, sumasailalim sa sakit, at tulad nga ng sa atin; dahil Kanyang ibinihis, para maging isang—isang Tao, maging tao. At heto rin na Siya'y Diyos, sa Espiritu. Sabi Niya, “Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Ang Aking Ama'y nananahan sa Akin.”

<sup>38</sup> Noong bautismuhan Siya ni Juan sa ilog, Jordan, makikita natin ang Diyos na bumababa mula sa Langit na gaya ng isang kalapati, at sinasabi ng Tinig, “Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong lubos na kinalulugdang panahanan.” Ngayon kung kukunin n'yo 'yung orihinal, at sa kung papaanong paraan 'yun mismo nasulat, ito'y, “Lubos Kong kinalulugdan na panahanan Siya.” Kita n'yo? Pero inilagay muna nila 'yung pandiwa bago 'yung pang-abay. “Na Siyang lubos Kong kinalulugdan na panahanan, o, Siyang lubos Kong kinalulugdan na panahanan; lubos Kong kinalulugdan na panahanan Siya.” Kita n'yo?

<sup>39</sup> Siya, Ang Diyos, nakapanahan kay Cristo, at sa Kanya'y nakapanahan ang kabuoan ng pagka-Diyos, sa kahayagan ayon sa laman. Inihayag ng Diyos ang Sarili Niya sa pamamagitan ni Jesus, at si Jesus ang katibayan ng Diyos. Nauunawaan n'yo po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n'yo, hindi po tatlong persona; tatlong katangian ng isang Diyos. Hindi tatlong diyos; ang tatlong Diyos, ay pagano. Kita n'yo? Hindi tatlong diyos, hindi. . . ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay hindi tatlong magkakaibang diyos. Ito'y iisang Diyos sa tatlong pagpapahayag.



<sup>40</sup> Naroon ang Diyos, ang Ama, sa anyo ng Espiritu Santo na nasa Haliging Apoy, at, Iyon, walang sinuman ang makahihipo sa Kanya. Siya'y banal. Wala pa noong hain ukol sa sala ang naihahandog; isa pa lamang potensyal na hain.

<sup>41</sup> Ngayon, ang siya ring Haliging Apoy na 'yun, ang pagka-Ama, heto't bumaba at pinaging Diyos sa pagka-Anak. Siya'y nanahan noon sa isang Haliging Apoy, heto nga Siya. . . noon sa kaluwalhatiang Shekinah. Heto naman Siya sa isang katawan, na Kanyang Anak na Kanyang nilikha't ginawa sa anyo ng tao, kaya naman dito'y Siya'y napaging Anak ng Diyos, Ikalawang Adan. Ngayon, kinakailangan Niyang dumaan sa sinapupunan ng isang babae, di kagaya ni Adan, dahil 'yun 'yung bagay na kinakailangan Niyang kondenahin, ang kapanganakan ng tao sa pamamagitan ng babae. Kita n'yo, kaya kinakailangan Niyang dumaan mismo sa ganoong paraan. Ngayon ang Diyos nga 'yun, ang Anak, ang siya ring Diyos. At ngayon Siya, sa pamamagitan ng paghahain ng katawan na walang sala, ay naghandog ng isang haing tao.

<sup>42</sup> Ngayon, ang selula, o ang espiritu, buhay, ay nakalagak sa dugo. At kapag ang selulang dugo ng isang kordero o isang hayop ay hinapak, ang buhay na naroon sa selulang 'yun ay di maaaring manumbalik sa mananamba, dahil 'yun ay sa hayop. At tayo'y tao, iba tayo. Ang hayop ay walang kaluluwa. Ang tao ay may kaluluwa. Kaya ang—ang—ang espiritu ay di 'yun makababalik sa tao matapos niyang gawin ang paghahain, gayong ginawa niya ang paghahandog, at nang may katapatan, na nagsasaysay nang may pananampalataya na siya mismo'y nananampalataya na may sakdal na Haing parating.

<sup>43</sup> Pero nung ang selulang Dugo ang mahapak, kay Jesus Cristo, ibinunsod nun ang Diyos. Kita n'yo, Siya ay Diyos. Ang Dugo na 'yun ay hindi dugong Judio. Ang Dugo na 'yun ay hindi dugong Gentil. Yun ay selulang Dugo na likha, Mismo ng Diyos. At ngayon sa pamamagitan ng Dugo na 'yun, na siyang kabayaran ng ating mga sala, ay nilinis ang mananampalataya, iwinaglit ang lahat ng pagkakasala niya palayo sa kanya, na mistulang di siya nagkasala. Iwinaksi ng Diyos ang lahat ng 'yun sa Dagat ng Pagkalimot. At ang siya ring Diyos na naroon kay Jesus Cristo ay nagpapatuloy sa mananampalataya, na ginagawa ang siya ring mga gawa na Kanyang ginawa rito, dahil Iyon nga'y ang siya ring Espiritu.

<sup>44</sup> Hayan nga ang isang Diyos, kita n'yo, hindi tatlong diyos. Oh, hayan nga't ganoon na lamang na kayong mga trinitaryan ay napaglabo-labo ito. At ganoon din na kayong mga Oneness ay napaglabo-labo, rin ito, na sinasabing Siya'y isa na tulad ng inyong daliri na isa. Uh-huh. Kita n'yo? Kapwa, kapwa silang dalawa'y napaglabo-labo ito. Kita n'yo? Siyanga. Kung Siya'y isang Diyos na tulad sa inyong daliri, na isa, papaanong Siya ay siya ring Sarili Niyang Ama? Kita n'yo? Kita n'yo, di nga Siya

maaaring siya ring Sarili Niyang Ama. At kung Siya'y may ibang Ama maliban sa Espiritu Santo, at kung ang Diyos ay isang tao, na isang tao, kung ganoon Siya'y. . . ang Espiritu Santo ay ang Kanyang Ama, at ang Ama ay ang Kanyang Ama, Mateo 1, kung ganoon Siya pala'y Anak sa labas. Kita n'yo? Kaya di n'yo nga magagawang alinman 'yun sa dalawa, ninyo, parehong mali.

<sup>45</sup> Siya ay Diyos na nahayag sa laman ng Kanyang nilikhang Anak. Kita n'yo? Ngayon, kaya naman, nilikha ng Diyos ang Anak.

<sup>46</sup> At mangyari rin na kayong mga Katoliko'y sinasabi n'yo, "Walang Hanggan na pagka-anak," saan n'yo po nakuha ang salitang 'yun? Di ko nga 'yun maintindihan, sa isip ko. Papaano Siyang magiging Walang Hanggan at isa namang anak? Ang anak ay isang bagay na "inianak," papaano 'yun magiging Walang Hanggan? Ang Walang Hanggan ay di nagpasimula, di rin magtatapos, kaya paano 'yung magiging Walang Hanggang pagka-anak? Oh, naku!

<sup>47</sup> Kung hindi itong mga denominasyon ang nagpagulo nito, di ko alam kung sino pa. Di nakapagtataka na ang mga tao'y di mapagkamt ng pananampalataya, di nila kasi malaman kung saan ba sila mananampalataya. Siyanga. Ang kailangan natin ay isang mainam na makalumang, pagbalik sa Biblia. Ganoon 'yun. Ganoon na ganoon. Ganoon 'yun.

<sup>48</sup> Ngayon, si Jesus sa pagiging tao, sa pisikal, ay napagod, napagal. Haya't nakahiga roon, pagod; marami kasing bisa ang lumabas sa Kanya. At heto na sa Kanyang pagiging Diyos, ang tanging magagawa lang Niya ay kung ano. . .

<sup>49</sup> Ngayon sasabihin n'yo, "Papaanong magiging Diyos Siya at tao?" Kita n'yo, 'yun ang hiwaga. Kita n'yo, sa katawan Siya'y tao, sa Espiritu Siya'y Diyos. Kita n'yo?

<sup>50</sup> May nagtanong sa akin, ang sabi, "Kung ganoon papaano 'yun, Kanino Siya nanalangin sa Halamanan ng Getsemani?"

<sup>51</sup> Sabi ko, "Sasagutin ko 'yun sa iyo kung sasagutin mo ito: Nananampalataya ka ba na may Espiritu Santo ka?"

"Oo."

<sup>52</sup> Sabi ko, "Kung ganoon Kanino ka nananalangin? Nasaan Siya kapag nananalangin ka sa Kanya? Mangyaring, sinasabi mo na Siya'y nasa iyo, at sa kabila nun ay nananalangin ka sa Kanya." Kita n'yo? Sadya ngang ang mga tao. . . nagkaroon lang sila ng kung anong munting kaisipan at kung saan-saan na sila napapadpad, kita n'yo, ganoon nga ang nangyayari.

<sup>53</sup> Ngayon, sa Espiritu, Siya'y Diyos. Sinabi ni Jesus, sa San Juan 3, kita n'yo, "Mangyaring, ang Anak ng tao ay naroon ngayon sa Langit, gayong nakatayo rito sa lupa, gayong ang Anak ng tao ay naroon ngayon sa Langit." Papaano n'yo 'yun sasagutin? Kita n'yo, sinabi Niya na Siya'y nasa Langit nung

mga oras na 'yun, at heto naman Siya na nakatayo sa lupa. Kita n'yo? Oh, grabe! Kita n'yo, haya't, Siya'y Diyos talaga, na nasa lahat ng dako. Kita n'yo? Siyanga, Siya'y nasa lahat ng dako. Natatalos Niya ang bawat pag-iisip. Sa pagkakabatid ng lahat ng mga bagay, na nalalaman ang lahat ng mga bagay, Siya'y anupa't nasa lahat ng dako. Kita n'yo?

<sup>54</sup> Kaya heto na ngayon na natagpuan natin Siya, nalalaman na may dakilang gawain Siya sa harapan Niya, sa kasunod na araw, papunta Siya noon ng Gadara. At dun sa Gadara ay may baliw, isang lalaki na nawala sa tama niyang pag-iisip, at hayun nga siya na namumuhay sa kalagitnaan ng mga diyablo, at sinusugatan ang kanyang sarili, kaawa-awa ngang lalaki na wala nga siyang magawa't di makatawag ng tulong. At ngayon nakita natin na naroon si Jesus sa Kanyang daan papunta roon. Naniniwala ako na nalalaman na Niya 'yun agad. Ipinadala na Siya ng Ama sa dako roon. Nalalaman Niya 'yun.

<sup>55</sup> At ngayon hayang pagod at napapagal, nagpunta Siya roon sa likod at kumuha ng tiyempo na makapahinga nang kaunti habang papatawid noon ang bangka sa dagat. Maganda ang panahon, marahil mga ganitong oras din ng gabi, o medyo mas gabi na, tumatawid sila roon sa dagat, ngayon habang si Jesus ay naroon sa likurang bahagi ng bangka, doon sa may dulo ng bangka, marahil pumunta sa munting espasyo roon sa likod, at humiga sa kutson. At habang nakahiga roon, namamahinga, 'yung mga alagad, biglang naisip nila, "Ngayon tapos na ang paglalakbay natin sa araw na ito, o ang gawain natin para sa Kanya, ngayon gawin na natin ang regular nating ginagawa. Sige't umpisahan na nating hilahin ang bangka."

<sup>56</sup> Katulad po ng mga alagad sa panahon ngayon, pagkatapos na matapos ang rebaybal. At alam nga natin na katatapos lang nito. Ito na 'yung panahon na mabuting maglumagak na, dahil katatapos lang, nitong dakilang rebaybal na nagkaroon tayo. Nanghihimalay na lang tayo. Kaya, yamang tapos na 'yun, ang bawat isa'y nagsibalikan na sa kanya-kanyang iglesya at kung ano pa, nagsibalik na sa kanya-kanyang mga trabaho dati, ano man ang ginagawa niya.

<sup>57</sup> At nakita natin na 'yun ang ginawa nila habang si Jesus ay nagpapahinga nang kaunti. At ngayon sila nga'y nagsimulang magbulay-bulay nang may galak tungkol sa mga gawa na nakita nila na Kanyang ginawa, at pinagkukuwentuhan nila 'yun sa isa't isa. Oh, gustung-gusto ko ngang isipin 'yun na ganoon, na—na sila'y nagbubunyi nang may galak patungkol sa rebaybal na nagkaroon sila nung araw na 'yun.

<sup>58</sup> Alam n'yo, katulad nga 'yun sa mga alagad Niya ngayon. Sa pag-uwi n'yo sa inyong bahay, kung kakatagpuin na tayo ng Panginoong Jesus sa gabing ito, at gagawa ng isang bagay na katangi-tangi, katulad ng bagay na ginawa Niya kagabi, na

pinabangon 'yung isang paralisado't siya'y pinalakad, at iba't iba pang mga bagay. Kita n'yo? Ngayon, kung gagawin Niya po 'yun, o may isa na maliligtas, o kung ano, pagkatapos nga't sa pag-uwi n'yo ay marahil, 'yung ginang at ang asawa niyang lalaki, 'yung mga anak o kung sino pa, mauupo nga sila't pag-uusapan ang tungkol dun.

<sup>59</sup> Yun nga ang ginagawa ng mga alagad na ito, sa palagay ko, 'yun ang ginagawa nila. Pinagkukuwentuhan nila ang tungkol sa bagay na nakita nilang ipinangyari. Oh, sila nga'y marahil nagbubunyi sa bagay na 'yun. At marahil pinag-uusapan nila ang Kanyang mga gawa, na kung papaanong nagawa Niya, na pinatunayan Niya mismo na Siya ang ipinangakong Salita ng Diyos. Ngayon, ang Mesiyas, Kanya mismong pinatunayan sa kanila sa pamamagitan ng mga gawa Niya, sa pamamagitan ng Salita Niya, sa pamamagitan ng pagkilos Niya, na Siya ang pinahirang Isa na 'yun. Ngayon, ang salitang "pinahiran," o, ang—ang—ang salitang *Cristo* ay ang ibig sabihin nito ay "ang Isa na pinahiran." Kaya ibig sabihin, may Isa na pinahiran na mataas sa lahat ng mga propeta; yamang, ang mga propeta ay nagkamit ng isang bahagi ng Diyos, pero nasa Kanya nga ang kabuoan ng Diyos. Kita n'yo? Ngayon, samakatwid ang tao ay maaari lamang magkamit ng bahagi. Habang taglay Niya ang buong kabuoan ng pagka-Diyos, sa kahayagan ayon sa laman. Ngayon nag-uusap doon ang mga alagad, at kung papaanong pinatunayan Niya mismo ang Kanyang Sarili, sa pamamagitan nung Salita na kanilang nalaman, at narinig na ipinaliwanag Niya, na nagpatunay sa kanila kung Sino Siya. Oh, grabeng gandang pag-uusap 'yun sa pagitan ng mga alagad!

<sup>60</sup> May magsasabi nga sa kanila, "Buweno, heto nga, nalaman natin. Kumbinsido tayo. Nananampalataya tayo na Siya mismo ang Mesiyas na 'yun." Ngayon, kita n'yo, naisip nila na di Niya naririnig ang usapan na 'yun; naroon kasi Siya sa likurang bahagi nung bangka. Kaya—kaya ang sabi nila, "Siya na 'yun, nalalaman natin na Siya nga 'yung alagad. . . 'yung Mesiyas na pinahiran."

<sup>61</sup> Tapos marahil napag-usapan nila roon 'yung ikinikilos ng mga tao. Ngayon marahil may nagsabi sa kanila ng katulad nito, "Kung kaya nating makita 'yun, gayong mga di naman tayo nakapag-aral, sino ba naman tayo't mga mangingisda lang sa lawa na ito rito; at nagagawa nating makita at malaman, at mabasa sa ating mga Kasulatan at malaman na ganap na ganap ang pagkakalapat Niya dun sa larawan, at nalalaman na Siya'y napagkikilala na ukol sa Diyos, na Siya nga ang Mesiyas na 'yun. Kung ganoon bakit di 'yun makita ng mga intelektuwal? Ano kayang mayroon sa kanila, na di nila 'yun makita-kita?" Pinag-usapan nila 'yung tungkol sa ikinilos ng mga tao. "May ilan sa kanila, may ilan na naniwala, may ilan namang hindi."

62 Anupa't, 'yan na 'yan ang nangyayari sa panahon ngayon. May ilang tao na sasampalataya sa Kanya ngayon, may ilan na hindi. Pero, Siya, di nga Siya maaapektuhan na mababago Siya nun, Siya'y nananatiling siya pa rin. Di Siya nun mababago.

63 Yung mga taong 'yun sa panahon na 'yun, marahil ganito 'yung pag-uusap nila. "Alam n'yo, nakausap ko ang ilang grupo ng mga tao sa dakong 'yun ngayon, nung tayo'y. . . Kanyang ipanumbalik 'yung isda, paramihin 'yung tinapay at mga isda. Nakausap ko nga ang ilan sa kanila't, ang sabi nila, 'Wala na ngang iba pa't si Jehovah nga 'yun mismo, dahil si Jehovah Yaong Siya na nagpaulan ng mga tinapay mula sa langit, para sa mga anak ni Israel.' At sabi nila, 'Wala pa ngang sinumang tao na ganito mangusap. Aba't, ang Taong ito'y wala nang iba't ang Mesiyas nga mismo, dahil nalalaman natin na ang Mesiyas ay isang Propeta. At, anuman ang sabihin Niya, ang Salita ng Diyos ay kalakip Niya. At anuman ang sabihin Niya, 'yun nga'y mangyayari't mangyayari. At ang Tao na ito'y ang Mesiyas, dahil, anuman ang sabihin Niya, ay 'yun nga'y mangyayari't mangyayari.'" Amen! Gustung-gusto ko 'yun.

64 Yan ang dahilan kung bakit may kompiyansa ako *Rito*, dahil Ito ang Kanyang sinabi, at 'yun ang mangyayari. Tama. Siya, Kanyang sinabi. Ito ang Kanyang Salita. Anuman ang Kanyang sabihin, 'yun ang mangyayari, "Ang kalangitan at ang lupa ay lilipas ngunit ang Kanyang Salita ay hindi lilipas."

65 At pagkatapos ang ilan sa mga tao'y pumanig sa negatibo. Sila, 'yung mga di-mananampalataya, ang sabi nila, "Ang Tao na ito'y isa lamang manghuhula ng kapalaran. Ngayon, ang Tao na ito'y wala namang nagagawa na kahit ano. Alam natin na Siya ay isang—isang manghuhula lamang ng kapalaran."

66 Ngayon, napagkikilala nung mga alagad na Siya nga'y may mahiwagang buhay, dahil nagagawa Niyang tumingin sa puso ng tao't sabihin sa kanila nang eksakto kung ano ang ginagawa nila, kung ano ang nagawa nila, kung ano ang suliranin sa kanila, at kung ano ang mangyayari. At di 'yun nabigo kahit kailan. Nangyayari't nangyayari talaga nang eksakto sa ganun mismong paraan. At 'yun nga'y wala nang iba't ang Diyos talaga.

67 Ngayon walang. . . ang mga manghuhula o manghuhula ng kapalaran ay magagawa nilang magpalabas at manghula nang kaunti at ibunsod ka na maniwala nang kalahati. Ang diyablo po 'yan. Kahit sino'y nalalaman 'yan. Kaya wala kang makikita na manghuhula o manghuhula ng kapalaran diyan sa labas na ibubunsod ang Salita ng Diyos na magkatotoo, wala talaga, di nila 'yun magagawa. Sila'y nasa kung saan na kumukuha ng handog kung saan, para—para—para dayain kayo. Siyanga. At nabubuhay sila ng kung anong uri na lang ng pamumuhay.

Pero pinatunayan ng Taong ito na Siya ang Mesiyas.

68 Kita n'yo, ang dalawang espiritu ay ganoon na lamang na magkapareho sa isa't isa na dadayain nito ang pinaka hirang kung maaari. Pero kung sila'y hirang, di sila madadaya nun. Kita n'yo? Pero ganoon na lamang 'yun na magkapareho, at lalo na sa huling mga araw na ito, sinaysay na 'yun ni Jesus na magiging ganoon sila, ang dalawang espiritu. At kung papaano ito, na ang kabilang panig, na di nagsasalubong sa dalawang panig na ito rito't di nagkaka abutan.

69 Ang dako nga ng labanan, ay 'yung hinaharap mismo si Satanas. Di nga roon sa pahalik-halik sa mga sanggol, at—at sa paglilibing sa mga patay, at—at sa pagdadala ng patalim na kasing liit ng pluma; bagkus dun sa isa na ang dala'y tabak na may dalawang talim, na pupuwesto dun sa mismong harapang hanay ng labanan. Yun nga, kita n'yo. Yun nga ang mahalaga. Naroon nga ang kasagsagan ng pakikipaglaban. Doon sa kung saan nakatayo ang kaaway.

70 At doon sa likuran, buweno, di nila papansinin. Kita n'yo, wala kang makukuha roon na mga pangungutya. Walang mga ganoon doon, ang mayroon lang, “Doktor *Ganito-at-ganoon*, nagagalak kami na makita ka, aming reverend, na kapatid, Doktor *Ganito-at-ganoon* Banal na Santo Padre.” Kita n'yo? Oh, naku!

Pero kapag naroon ka, “Yang matandang Beelzebub, 'yang diyablong 'yan, 'yang ipokritong 'yan, Siya'y wala nang iba't ang diyablo mismo.” Magpapasimula nga dun ng kaguluhan sa tuwina. Siyanga, po. Kita n'yo?

71 Doon nga Siya nakatayo. At sa ganoon nila napagkilala, na hayun nga ang Salitang 'yun na pinagtibay, pinatunayan na 'yun mismo 'yun.

72 At mangyaring, alam n'yo, marahil ang kabataang si Juan na ang kanyang puso—kanyang puso ay di pa nadudungisan ng bunton ng mga teolohiya, marahil may sinabi siyang parang ganito, “Isipin n'yo! Dito mismo sa bangka, itong nag-iisang Siya na napagkilala sa pamamagitan ng Salita ni Jehovah, na Lingkod ni Jehovah, na sa Kanya'y nalulugod Siya, ay narito sa bangka kasama natin. Grabeng panatag na pakiramdam!”

73 Oh, kung tayo lamang sa gabing ito'y masasalo natin ang pananaw na 'yan! Ang mismong Jehovah, na lumikha ng mga kalangitan at lupa, ay narito mismo sa munting sisidlan natin, habang naglalayag tayo sa maringal na karagatan ng buhay. Dahil, ang Espiritu Santo ay si Jehovah, sa anyo ng espiritu, na nasa loob n'yo. Kita n'yo? Ang Diyos, ang Espiritu Santo, ay ang Diyos Mismo na nasa inyo. Sinabi ni Jesus, “Sa araw na iyon ay mapagkilalala ninyo na Ako ay nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin, Ako'y nasa . . . at kayo'y nasa Akin.” Oh! Oh, grabe!

74 Pagkatapos ang Diyos, ang buong kabuoan ng Diyos, ay Kanyang ibinuhos kay Jesus; at ang buong kabuoan ni Jesus,

Kanyang ibinuhos sa Kanyang Iglesya, ibinaha-bahagi ang Kanyang Sarili sa Araw na 'yun ng Pentecostes. Bumaba ang Haliging Apoy at pinagbaha-bahagi ang Kanyang Sarili, ang Kaluwalhati-ang Shekinah, at inilagay Iyon sa magkakaibang indibiduwal. May mga Dila ng Apoy na nakita sa ibabaw ng bawat isa; ang Espiritu Santo, ang Diyos, ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa mga tao. Amen.

<sup>75</sup> Hindi ba't masasabi mismo na ito'y kamangha-manghang biyaya, napakasarap sa tainga? Grabeng panatag na kalooban! Ganoon na lamang kapanatag ang atin mismong pakiramdam, na malaman na sa pagmamaneho natin sa mga daang-bayan, sa anumang ginagawa natin, na haya't si Jesus ay nakahimlay sa bangka. Amen. Ang Isa na Siyang may kakayahang gumawa ng anumang himala, ay magagawa ang anumang ilayon Niya na magawa't, ginagawa muli ito, na ganap na ipinakikilala ang Kanyang Sarili. Narito Siya sa munti nating bangka habang sumasalimbay tayo sa marilag na karagatan ng buhay. Kung paano Siya noon, ay gayundin sa ngayon. Grabeng panatag na pakiramdam, habang naglalayag sa naliligalig na mga anod ng buhay. Hayan nga si Mel Johnson, isang mahusay na mang-aawit, ang munting taga-Sweden na umaawit, "Sa pagtawid ko sa ilog ng Jordan." Isipin n'yo nga 'yun, sa pagsapit n'yo sa ilog doon, Siya nga'y naroon din. "Di Kita iiwan ni pababayaan man." Grabeng pangako, sa pagsalimbay sa naliligalig na anod.

<sup>76</sup> Sila nga'y parang tulad din natin sa panahon ngayon, 'yung mga alagad doon na nasa bangka nung gabing 'yun, matapos ang rebaybal, na pinagdiriwang ang mga resulta.

<sup>77</sup> Ngayon marahil sa pagitan ng mga rebaybal ngayon, tayo nga'y nananabik sa isa na namang maantig na pagkilos, na may kinakailangang mangyari ngayon na maglalakip sa Iglesya na magkakasama. Magkakaroon ng isang kung anong pagtulak. Ganoon nga ang pamamaraan ng Diyos sa tuwina, na ipaglakip ang Kanyang bayan na magkakasama. Naniniwala ako na ito nga'y binubuo na, na susupilin ang lahat ng di sasang-ayon sa kanila't, pagkatapos ay ibubunsod na ang Iglesya ay maglakip-lakip na magkakasama. At hinihintay natin na ito'y mangyari, at nabubuhay na tayo sa mga resulta ng dakilang rebaybal na ating tinugaygay, at Siya'y nagpapahinga.

<sup>78</sup> Siya'y nagpapahinga nung panahon na 'yun gaya nung pagpapahinga Niya matapos na makumpleto Niya ang Kanya mismong paglikha sa Genesis. Sinabi riyang ng Biblia, "At sa ikapitong araw, ang Diyos ay nagpapahinga sa lahat ng Kanyang mga ginawa." At ngayon natapos ni Jesus ang araw na 'yun, at Siya'y nagpapahinga sa mga gawa na ginawa Niya nung araw na 'yun, nagpapahinga para sa—sa isang higit na malaki uling gawain na magsisimula kinabukasan. Kita n'yo, nagpapahinga nang kaunti.

<sup>79</sup> At 'yan po ang iniisip ko na ginagawa Niya ngayon. Yung maantig na pagkilos ay wala na dun sa mga tao. Di mo na nga makita ang pagkanabik di tulad ng dati. Nagkaroon na tayo, ng mga nasa sampu o labing-limang taon na ang nakararaan nung magsimula ang rebaybal, isa sa pinakamahabang rebaybal na nagkaroon tayo. At ipinapakita ng kasaysayan na ang isang rebaybal ay nagtatagal lang ng di lalampas ng tatlong taon, at matagal na 'yun. At nagkaroon nga tayo sa huling panahon na ito ngayon, na umabot ng labing-limang taon, 'yung apoy ng rebaybal na 'yun ay lumaganap sa palibot ng—ng mundo.

<sup>80</sup> Pero mistula ngang ngayon ay nasa pagpapahinga. Iniisip-isip nga natin, bawat isang lingkod na puspos ng Espiritu, at nakatingala, "Panginoong Jesus, alam ko na may kung anong bagay na mangyayari. Nararamdaman ko ang panggigipit na parating. Minamahal Kita, Panginoon. At ngayon gusto kong—gusto kong makita Ka sa kapayapaan, Panginoon. Iyo pong tulungan kami. Kami po'y naghihintay lamang sa Iyo." Ganoon nga ang dapat na ikilos.

<sup>81</sup> Sa ganoon ngang paraan, na 'yung mga alagad na 'yun ay pinag-uusapan nila ang kanilang nasaksihan, at pagkatapos, bigla na lang, dumating ang kagipitan.

<sup>82</sup> Si Satanas nga 'yun. Hinding-hindi nga Niya kayo bibigyan ng pagkakataon man lang na makapagpahinga nang matagal. Kapag hayon ka't nagsasaysay ka tungkol sa Panginoong Jesus, at tungkol sa Kanyang mga gawa, siya nga'y dadako't dadakoon para guluhin 'yun.

<sup>83</sup> Pagkatapos nga'y dumating na ang kaguluhan, bigla-bigla. Nagsimulang umuga ang bangka, nagliliparan ang mga layag, nangabali ang mga sagwan, at ang tubig ay pumasok na sa loob ng bangka. Hayon na nga ang pagliligalig! Kita n'yo, bigla na nga lang 'yung nangyari. Lahat ng pag-asa para makaalpas dun ay malabo na. Gayon nakita nila Siya na gumawa ng maraming dakilang mga bagay; kapag dumarating talaga ang pagliligalig, nakakalimutan nila ang lahat ng tungkol dun.

<sup>84</sup> Ngayon gusto kong tanungin kayo ng isang bagay, bilang isang kapatid. Hindi ba't 'yan mismo ang ikinikilos ng mga tao sa panahon ngayon? Nagpupunta tayo rito sa simbahan dito, at nagbubunyi't nagpupuri sa Diyos, na ang ating mga kapatid na lalaki't iba pa'y napapakinggan natin, na nangungusap tungkol sa Salita, at napapakinggan natin ang mga pangako. Talagang pinapupurihan natin ang Diyos sa mga bagay na ginawa Niya, pinakikinggan natin ang patotoo ng isa na nagsasabi, "Dati akong bulag, bulag ang mga mata ko, pero ngayon nakakakita na ako." May isa na magsasabi, "Sinukuan na ako ng doktor, sa aking kanser, at sa loob ng dalawang linggo, o dalawang araw, o anupa't, ni munting tuldok man nung kanser ay wala na. Yun nga'y matagal nang panahon ang nakalipas. Wala na nga silang



makitang ganoon.” “Nalagak ako nang matagal na panahon sa isang silyang de gulong, paralisado; pero ngayon nakakapag lakad na ako nang kasing inam ng sinuman.” Napapakinggan natin ang mga ganyang patotoo.

<sup>85</sup> Pero katulad nga nun, sige't hayaan n'yong tumama 'yun sa munti nating bahay maski isang beses lang, makakalimutan na natin agad ang lahat ng tungkol sa kaluwalhatiayang 'yun na tinatamasa natin, ang lahat ng mga dakilang bagay na 'yun; oh, tayo na 'yung ganoon ngayon. Kita n'yo, 'yung mga bagay na 'yun ay nangyayari para sa isang layunin, nangyayari ang mga 'yun para subukin kayo. Ngayon, mga suliranin na di natin kayang remedyuhan, na mistulang di kayang solusyunan ng mga doktor, at wala ngang kahit ano na makasosolusyon.

<sup>86</sup> Sinubukan nilang hilahin pabalik ang kanilang mga layag; nililipad-lipad pa rin. Sinubukan nilang gamitin ang kanilang mga sagwan; nasira lang ang mga 'yun. Nagtakbuhan sila sa gitna ng bangka; napuno 'yun ng tubig. Kita n'yo, ganoon na lamang kadeterminado si Satanas na supilin sila. Ngayon heto't iniisip niya na tulog si Jesus, naibukod ang mga alagad, at kaya naman magagawa niyang pasukin sila roon.

<sup>87</sup> Ngayon ganun ang nangyayari ngayon. Kapag nagkakaroon ng pagkakataon si Satanas, heto nga siyang parating. Kita n'yo? At magpupunta ka sa doktor, sasabihin niya, “Wala nang kahit anong magagawa; masyado nang malala. Sino? Wala nga kaming anumang lunas para sa atake ng pagka-nerbiyos. Wala kaming anuman dito para sa suliranin sa pag-iisip. Wala, wala kaming magagawa. Arthritis? Wala, wala kaming magagawa ryan. Siguro'y puwede ka naming bigyan ng cortisone, at kaso papatayin ka naman nun, mangyaring wala talaga kaming ano man para ryan. Leukemia? Wala nga kaming magagawa roon.” Kita n'yo, kaya haya't naliligalig kayo sa kagipitan.

<sup>88</sup> Pero, tugaygayin n'yo pabalik, hindi ba't pinagaling Niya ang leukemia? Hindi ba't pinagaling Niya ang kanser? Hindi ba't isinaayos Niya ang lahat na maging maayos? Hindi ba't tinupad Niya mismo ang Kanyang Salita? Kita n'yo, naliligalig tayo kapag tumatama 'yun sa munti nating bangka. Itong munting bangkang ito na sinasalimbayan natin ay marupok, kung tutuusin, napupuno ng mga pag-aalinlangan, ng mundo.

<sup>89</sup> Pansinin, dahil dun sa suliranin na di nila maremedyuhan, haya't ang takot ay pumasok, kung papaanong ganoon din ang nangyayari sa ngayon. Maging sa mga suliraning pambansa ay nagkakaroon tayo ng takot. Nagkakaroon tayo ng takot sa mga suliraning pangsimbahan. May takot tayo sa lahat, sa lahat ng dako. Ngayon sasabihin natin, “Buweno, ngayon, ano na lang ang puwede nating gawin patungkol dun?” Kung maaalala lamang natin na Siya'y nasa loob ng bangka. Kita n'yo?

Sasabihin n'yo, "Pero totoo . . ." Oo. "Nasa loob ba talaga Siya ng bangka?"

<sup>90</sup> Heto, *Ito* nga Siya, "Sa pasimula'y ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos." At ang Salita ay "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Mapasa hanggang ngayon ay sadyang panghawakan mo mismo *Ito!* Ito ang lunas. Ito ang gamot. Ito ang lunas sa bawat atake. Ito ang—ito ang lunas sa bawat kanser. Ito ang lunas sa bawat karamdaman. Ito ang Diyos na nahayag sa isang Salita. "Ang Salita ay ang Diyos." Sinabi ni Jesus, "Ito'y isang binhi." Ang Binhi kapag naitanim sa tamang uri ng lupa, ito'y tutubo't tutubo kung ano ito, at bawat pangako ay maipagbubunga. Nakakalimutan lang natin ang tungkol dito, yamang nalalaman natin na narito pala Siya sa bangka.

<sup>91</sup> Nalaman sana nila noon na Kanya ngang nalalaman na ang bagay na 'yun ay mangyayari. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tunay nga, na nalalaman Niya 'yun. Nalalaman Niya't, may pagkabatid na talaga, na mangyayari 'yun. Bakit? Ginawa Niya lamang 'yun para patunayan, para subukin ang pananampalataya nila.

<sup>92</sup> At kung minsan ay ginagawa Niya ang siya ring bagay na 'yun sa inyo at sa akin, itinutulot Niya na ang mga bagay ay mangyari para makita kung ano bang gagawin natin dun. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen"—Pat.] Sinasabi ng Kasulatan na, "Bawat anak na lalapat sa Diyos ay kinakailangan munang masubok, masupil, mapatunayan." Gigipitin ka ni Satanas na patunayan mo ang bawat pulgada ng lupain na aariin mo; ganun nga ang gagawin niya. Kaya, may mga pagkakataon na itinutulot ng Diyos na mangyari ang ganoong mga bagay.

<sup>93</sup> Ngayon, alalahanin, sila'y nananabik sa pasimula. Haya't ang lahat ng pag-asa'y naglaho na. Yung bangka nila'y . . . Yung mga layag nila, na sanay na sanay sila na gamitin ang mga 'yun sa paglalayag, haya't naglaho na rin. Yung mga sagwan, na sanay na sanay silang—silang ipangsagwan, nasira ang mga 'yun. Ang lahat ng pag-asa'y naglaho na. Nangangalit ang mga alon at halos itaob ang bangka, at kung ano pa. Ang lahat nga ng pag-asa'y naglaho na. At samantalang, naroon naman kasakama nila, nakahimlay sa loob ng bangka, naroon ang Isa na Siyang nagpatunay na Siya ang Maylalang ng kalangitan at ng lupa. Amen. Pinatunayan Niya kung sino Siya, sa pamamagitan ng mga tanda't mga kababalaghan, na kinuha ng Diyos ang Kanyang Salita mismo na sinabi Niya na gagawin ng Kanyang Mesiyas, at pinatunayan na ang Tao na 'yun ay ang Kanyang Mesiyas. At nakahiga nga Siya roon sa likuran ng bangka, sa likuran lang nila, at sa kabila nun ay takot na takot sila na halos ikamatay nila.

94 Luwalhati! Pakiramdam ko nga'y . . . gaya mismo ng iniisip n'yo na ako'y, isang holy-roller. Buweno, ngayon pansinin n'yo nung . . . alam ko na parang di ministro pakinggan ang bagay na 'yun, pero ito—ito nga'y nagbubunsod sa akin ng mainam na pakiramdam na sabihin 'yun, ano't anuman. Kita n'yo?

95 Tapos pansinin n'yo dun, 'yung—'yung mismong tutulong sa kanila'y nakahimlay lang doon, at nakalimutan lang nila ang lahat ng tungkol Dun. Napatunayan na mismo na si Jesus ay yaong Diyos mismo na may kakayahang lumikha ng tinapay, isang araw bago 'yun, na nung siya ring araw na 'yun, lumikha ng isda. Pinatunayan mismo na Siya ang Manlilikha, at sila'y nagugulumihanan pa rin. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

96 Sinabi ni Jesus, “Kung—kung hindi Ko ginagawa ang mga bagay na nasusulat patungkol sa Akin, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan; datapwat kung ginagawa Ko ang mga bagay na nasusulat patungkol sa Akin, ang mga iyon ang patunay at nagsasabi sa inyo kung sino Ako.” Oh, grabe!

97 Kung inaangkin mo na isa kang Cristiano, heto ang Biblia rito na magsasabi sa iyo kung ano ba dapat ang gagawin ng isang Cristiano. Sinasabi mismo ng Marcos 16 kung ikaw ba'y isang mananampalataya talaga, o hindi, kita n'yo, sinasabi nito kung ano dapat ang pagkilos mo.

98 Sinabi ni Jesus, “Sino sa inyo ang makapaghahatol sa Akin ng kasalanan?” Ang kasalanan ay di pagsampalataya. “Kung di ba nama't napatunayan Ko na nang ganap, sa inyo, kung sino ba talaga Ako.”

99 Sinumang dakilang mensahero katulad nun ay pauna nang isinaysay sa atin ng Biblia. Sa tuwina'y makikita natin kung saan naroon 'yun sa Kasulatan. Yan ang dahilan kung bakit ang Espiritu Santo ay paunang isinaysay na sa atin sa Biblia, at napagkikilala na natin mismo na narito Ito. At atin ngang napagkikilala 'yan sa pamamagitan ng Kasulatan, isang pagpapatunay kung ano mismo Ito. Nakita natin kung paano ang pagkilos Nito sa pasimula, nakita natin kung paano ang pagkilos Nito kay Cristo, haya't nakikita natin kung paano ang pagkilos Nito sa panahon ngayon. Kita n'yo, kaya alam natin kung Ito ba'y ang Espiritu Santo, o hindi, dahil ihahayag Nito at pagtitibayin ang Salita ng Diyos, ibubunsod Ito na mabuhay.

100 Ngayon, “Ito nga ang mga Ito na magpapatotoo patungkol sa Akin. Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sinasaysay ng mga Ito sa inyo kung sino Ako.” Kung tutuusin ay dapat ngang napagkilala nila 'yun, na kung Siya ang siya ring Diyos na may kakayahang lumikha ng tinapay, ay mangyaring Siya rin ang may likha ng mga hangin at mga alon. Tunay. Hindi nga Siya bahaging Diyos lamang; Siya ang buong Diyos. Nilikha Niya ang mga hangin at mga alon. Kung—kung ang ibang mga bagay ay tatalima't tatalima sa Kanya, at Siya ang Maylikha, hindi ba't

marapat lamang na tumalima sa Kanya ang mga hangin at mga alon? Amen.

<sup>101</sup> Pansinin, alalahanin natin, Siya rin ang maylikha nitong mga katawan natin. At hindi ba't marapat lamang na ang mga katawan nati'y tatalima sa Kanya? Amen. Isuko n'yo lang ang inyong mga pag-iisip sa Kanya, isuko n'yo ang inyong buhay sa Kanya, isuko n'yo ang inyong pananampalataya sa Kanya, at masdan n'yo ang katawan na 'yan na tatalima sa kung anuman ang sasabihin Niya. Kung isa kang lasenggo at di mo—di mo kayang ihinto ang pag-inom ng alak, isuko mo ang buhay mo sa Kanya at, antabayanan mo lang, hinding-hindi ka na inom pa. Kung isa kang maninigarilyo na di kayang mabuhay ng walang sigarilyo, at nagsisikap ka na maihinto mo 'yun at di mo talaga magawa, sige't isuko mo lamang 'yun sa Kanya at antabayanan mo ang mangyayari. Ibubunsod Niya ang katawan na 'yan na manumbalik sa ilalim ng Kanyang Salita. Siyanga, po. Pero kinakailangan mong maisuko 'yan sa Kanya. Kinakailangan mong sampalatayanan Siya. Siya ang lumikha sa ating mga katawan; tatalima't tatalima maging ang mga ito sa Kanya. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? [Sinasaki ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung isa ka talagang Cristiano, 'yun at 'yun ang narapat mong gawin.

<sup>102</sup> Sasabihin n'yo, "Maibubunsod Niya na ang mga katawan natin ay tumalima? Oh, naniniwala akong tayo ang may saklaw dito." Kung ganoon di ka pa—di ka pa buong nagpapasakop.

<sup>103</sup> Dahil, di ka nga sa sarili mo; patay ka na. "Ikaw ay patay na, at ang iyong buhay ay nakakubli sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at natatakan na ng Espiritu Santo." Papaano ka nga makatatapas mula riyan? Iniisip ko na kinakailangan natin ng isang rebaybal. "Ang mga buhay nati'y patay na." Tayo'y mga patay na; sa sarili nating mga pag-iisip. Ang pag-iisip nati'y banal na pag-iisip na. Yang mga lumang makasanlibutang pag-iisip na nagpapadpad sa inyo kung saan, kayo nga'y patay na sa mga ito. "At ang inyong buhay ay nakakubli na sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, at natatakan na ng Espiritu Santo." Grabeng kinalalagyan! Grabeng kapanatagan! Oh, grabe! Gaanong katagal ang itatagal, haya't hanggang sa susunod na rebaybal ba? "Hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Mga Taga-Efeso 4:30, "Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos, na kayo'y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos." Grabeng panatag na pakiramdam, na nababatid at nakikita ang Espiritu Santo na binabago ang kalikasan n'yo mula sa pagiging masama. Amen. Kaya naman mababatid na natin na tayo'y lumipat na mula sa kamatayan patungong Buhay, nakikita na natin ang Espiritu Santo na nabubuhay sa atin, ang Kanyang Buhay.

<sup>104</sup> Sinabi ni Pablo, "Ang buhay na dati kong ipinamumuhay, hindi ko na ito ipinamumuhay. Oh, hindi na ako ito, kundi si

Cristo na nabubuhay na sa akin!” Yun nga, siya’y lumipat na mula sa kamatayan patungong Buhay, at si Cristo’y nabubuhay na sa kanya. Ligtas na sa kapanatagan! Si Cristo na mismo ang nagtitimon ng bangka; ang kinakailangan na lamang gawin ni Pablo’y maupo nang tahimik at tumalima sa Kanya.

<sup>105</sup> Pansinin, ibubunsod ng Diyos na ang ating mga katawan ay tumalima sa Kanya, na sinabi Niya sa San Juan sa ika-6 na kabanata, “Sinuman na kumakain ng Aking laman, at umiinom ng Aking Dugo, ay may walang hanggang Buhay, at ibabangon Ko siya sa huling araw.” Isipin n’yo ’yun, tumatalima ang ating mga katawan kapag wala na tayong pamamahala rito, at ito’y manunumbalik sa sangkutsarang alabok, na haya’t magsasalita ang Diyos sa katawan na ’yun at babangon ’yun muli sa wangis ni Jesus Cristo na nabuhay na mag-uli. Kaya ano pang ikina-aalala n’yo tungkol *dito*? Kung ito’y nasa mga kamay na ng Diyos, hayaan n’yo lang, amen, dahil Kanya itong ibabangon, sa huling araw. Ipinangako Niya na Kanya itong gagawin, ’yan nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Nasusulat ’yun sa Kanyang Salita. Ano pa bang ikinababahala n’yo rito kung ganoon, sa munting matandang bangka na ito? Siya’y naroon sa loob nun.

<sup>106</sup> Kung wala pa Siya riyang, huwag na huwag kayong uuwi sa gabing ito hanggang sa Siya’y mapariyan na. Mapanganib na bagay ang subukang maglayag na wala Siya. Lulubog ka, tiyak ’yan.

<sup>107</sup> Pero di ka nga tuluyang lulubog. Kung lumubog ka man, ibabangon at ibabangon Ka Niya uli, kaya anong magiging dipirensya? Ang Walang Hanggang Buhay, ang Diyos na Siyang may kakayahan na ibunsod ang lahat ng nilalang na tumalima sa Kanya. Oh, gustung-gusto ko nga ang lumang awitin na ’yun sa simbahan:

Ang mga hangin at mga alon ay tumatalima sa  
kalooban Niya.

Pumayapa, tumahimik ka! Pumayapa,  
tumahimik ka!

<sup>108</sup> Ang lahat nga’y tatalima’t tatalima sa Kanya. Ang buong kalikasan ay tatalima’t tatalima sa Kanya. Siya ang Maylikha ng kalikasan. Amen.

<sup>109</sup> Matapos na ang mga ala- . . . nung masumpungan nung mga alagad na sila’y nasa bingit na, marahil ay biglang pumasok ’yun sa diwa nila. Matapos na mapagtanto nila na wala silang magagawa na kahit anuman tungkol dun, marahil ay biglang pumasok ’yun sa diwa nila, “Naku, nasa teribleng kalagayan tayo ngayon! Oh, mamamatay na ako. Di ko gustong malunod. Itong . . .”

<sup>110</sup> May isa sa kanila roon ang marahil nagsabi, “Sandali lang, sandali lang! Hindi ba n’yo napagtanto sa isipan n’yo, na Siya

nga'y naroo't nakahimlay? Heto nga tayo na pinag-uusapan natin kanina ang lahat ng tungkol sa Kanya, nagpapatotoo tungkol sa Kanya, tungkol sa mga dakilang gawa, at sinasabi pa nating Siya ang Mesiyas, at heto nga Siya na kasama natin dito." Oh! Oh! Luwalhati! Oh, grabeng pakiramdam!

<sup>111</sup> Naisip n'yo na ba nung panahon na nasa dulo na kayo ng inyong tahakin? Mga walong buwan ang nakararaan noong nakakita ako ng pangitain sa bahay, at nalaman n'yo na ang tungkol dun, *Ginoo, Anong Panahon Na?* Nung makita ko 'yun, marinig 'yung malakas na dagundong dun sa pangitain na 'yun, nakita ang pitong mga Anghel na dumarating, na kinuha ako. Sinabi ko sa inyong lahat, "Yun na marahil ang dulo ng aking tahakin." Pumunta ako sa maybahay ko, at sabi ko, "Honey, ito na marahil ang wakas. Di ko lang alam." Ilan sa inyo rito ang nakapakinig na dun sa teyp? Buweno, oo't, alam n'yo nga 'yun. Kita n'yo? Sabi ko, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON. May kung anong bagay na mangyayari, di ko lang alam." At nagpunta nga ako sa maybahay ko, at sabi ko, "Mahal, sige't sasabihin ko sa iyo kung anong gusto kong gawin mo ngayon. Kung ito na talaga ang katapusan ko, nagpakita ang Diyos sa akin ng isang pangitain."

<sup>112</sup> Di Niya lagi sinasabi kung ano 'yun. Di Niya 'yun sinabi sa mga—mga propeta ng Lumang Tipan, o ng Bagong Tipan, kung ano ba 'yun. Madalas 'yan, maliban na lang kung gusto Niyang ipaalam 'yun sa kanila, isusulat nga nila 'yun, kita n'yo, kaya ibig sabihin ay hindi sila ang may obligasyon dun. Ang Diyos ang siyang gagawa ng isang bagay.

<sup>113</sup> Kung ang Diyos ay di dumating sa eksena, nang labing-limang minuto nung isang umaga bago ako umalis, ang iglesya nga rito'y di na magtatagal pa. Tanungin n'yo po si Kapatid na Carlson. Kung ang Panginoong Diyos ay di nangusap sa akin nang labing-limang minuto bago ako pumunta rito, masasabi kong, sa Pangalan ng Panginoon, na ang iglesyang ito'y di na magtatagal dito ng anim na buwan mula ngayon. Mangangalat kayo na gaya ng mga tupa. Pero ang Panginoong Diyos, sa Kanyang kahabagan, ay nangusap sa akin, na wala man lang akong alam tungkol dito, at nagpunta't sinabi ito kay Kapatid na Carlson. Sa isang iglap ay biglang nahayag 'yun, at hayun nga 'yun. Ngayon narito po si Kapatid na Carlson. Kita n'yo?

<sup>114</sup> Oh, ako nga'y nagagalak, na sa panahon ng kaligaligan, Siya nga'y narito sa bangka. Amen.

<sup>115</sup> Sadya ngang ganoon na lamang na pinagpala ang Pangalan ng Panginoon! Kung may salita lamang ako, may bokabularyo lamang ako, na kung anong partikular na salita na masasambit ko para ihayag kung gaano Siyang kahalaga sa atin. Pero, wala nga akong salita. Tayo . . . Siya, Siya . . . Sinabi ng—ng propeta, "Siya'y Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihan

na Diyos, Walang Hanggang Ama,” at tapos naubusan na siya ng mga salita na maglalarawan, na sinabi na lang niya, “Siya’y kahanga-hanga.” Naubusan siya ng mga titulo na maibibigay pa niya sana sa Kanya. “Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihan na Diyos, Walang Hanggang Ama, at Kahanga-hanga.” Amen. Oh, sadyang mapapapurihan natin nang lubos ang dakila’t, makapangyarihang Panginoong Diyos na Jehovah!

116 Sa gitna ng idolatriya, sa gitna ng pagiging makamundo, sa gitna ng lahat na ng klase ng pagkalito’t paglalabo-labo, atin pa ring taglay Siya sa bangka. Oh, sa araw na ito, sa araw na ito na panahon na ang mga relihiyon ay hindi na nila matukoy kung saan ba dapat tumungo; oh, ganoon na lamang ang kagalakan ko na malaman na ang siya ring Diyos, na taglay ang siya ring Kaluwalhatiang Shekinah, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ay naroon sa bangka, nababatid na kinakailangan kong kaharapin (kung Siya’y magtatagal pa) ang libis ng lilim ng kamatayan. Hindi na nga nakapagtataka na sumigaw si David noon, “Di ko katatakutan ang kasamaan, dahil Ikaw ay nasa bangka!” Amen.

117 Oh, tunay ngang nasaksihan nila ’yun, ganoong karami ang kanilang nasaksihan, na di nila kayang isaysay ang lahat ng ’yun, na mga nasaksihan nila. Ngayon dumating nga sa diwa nila na Siya’y nakahimlay lang sa malapit kasama nila.

118 Ngayon Siya nga’y higit na mas malapit sa inyo kaysa sa kung gaano Siyang kalapit noon sa kanila. Tama ba? [Sinasi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] “Ako’y kasama ninyo ngayon, pero mapapasa inyo. Kaunti pang panahon ay hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan, subalit makikita ninyo Ako; dahil Ako’y magiging kasama ninyo, mapapasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo.”

119 “Kapatid na Branham, mailalagak ko ba ang katiyakan ko Rito?” Haya’t si Jesus na mismo ang may sabi! “Papaano ko po malalaman?”

120 “At ang mga gawa na Aking ginawa ay gagawin din naman ninyo.” Hayan nga. Sinasampalatayanan n’yo ba ito? [Sinasi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ganoon nga, “Ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman!”

121 Iniisip ko nga na sa oras na ’yun, kapag dumarating ang kagipitan, na dun natin masasabi, na anupa’t ’yung mga alagad ay nasabi nila, “Sige’t gisingin natin Siya. Halikayo’t tumawag tayo sa Kanya. Tawagin natin Siya sa eksena.” Oh, minamahal kong kapatid na lalaki, minamahal kong kapatid na babae, iniibig ko po kayo. At, alalahanin n’yo, ang sinasaysay ko nga sa inyo rito ay ang siya mismong Katotohanan. Kung may suliranin kayo sa gabing ito, heto nga Siya na nasa abot kamay lang. Siya’y maaaring tawagin sa eksena, sa kahit na kaunting pagkibot

lang ng inyong labi. Siya'y darating at darating sa eksena. Amen. Tawagin n'yo si Jesus sa eksena! Gisingin n'yo si Jesus, dahil Siya'y naritong kasama natin, at Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

<sup>122</sup> Nakita nila ang nakabatay sa Kasulatang Salita ng Diyos na pinagtibay sa Kanya, at ganoon din na nakita natin, at di nga Siya mahirap tawagin sa eksena. Siya'y nakahimlay lang dun na naghihintay sa kanila na tawagin Siya.

<sup>123</sup> Ngayon binubulay ko nga, sa gabing ito, na anupa't Siya mismo'y nakahimlay diyan sa puso n'yo na naghihintay lang sa inyo na gisingin Siya? Siyanga. Oh, gustung-gusto ko 'yan!

<sup>124</sup> Sinasabi ng mga tao sa panahon ngayon, "Buweno, ngayon, kung magagawa lang natin na malaman at matiyak." Naririnig nga natin sila, na sinasabi, "*Ito ay iyon, at ito ay iyon.*"

<sup>125</sup> Pero *Ito ay Iyon. Ito ay Iyon.* Ngayon, *Ito* ang sinabi Niya, *Ito* ang Kanyang Salita. Siya at ang Kanyang Salita ay iisa. Hayan ngang maipakikilala Siya ng Kanyang Salita.

<sup>126</sup> Yun ang paraan na sinabi Niya na magpapatunay na Siya ay Diyos, dahil ang mga gawa na ibinigay sa Kanya ng Diyos na gawin ay ginawa Niya mismo. "Kung di ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan." Kita n'yo? Sa ganoon ngang paraan Siya mapagkikilala.

<sup>127</sup> Sa ganoong paraan nga rin kayo mapagkikilala. Kung sinasabi mong isa kang Cristiano, at ang—ang pagkakakilanlan naman ng isang Cristiano, ng Cristianong nakabatay sa Biblia, ay di naman kumikilos sa inyo, kung ganoon ay may bagay nga na mali. Kita n'yo, "Itong mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nagsisisampalataya." Siyanga, po. Hindi "baka-sakali na gagawin nila." Gagawin talaga nila!

<sup>128</sup> Kung mapagtatanto lang natin na Siya'y narito't kasama natin, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. "Narito, Ako'y sasa inyo sa tuwina. Hindi Ko kayo iiwan, ni pababayaan man. Ako'y sasa inyo hanggang sa katapusan ng mundo," sa ika-24 na kabanata. "Hindi Ko kayo iiwan," sinabi Niya 'yun uli. Oh! Inulit, "Hindi Ko kayo iiwan ni pababayaan man." Tinitingnan ko lamang itong mga Kasulatan na naisulat ko rito tungkol dun.

<sup>129</sup> Paano tayo makatitiyak? Sa pamamagitan ng napatunayan Niyang Salita. Siya ngayo'y naghihintay sa inyo na tawagin Siya sa eksena, para mapatunayan, kaya halina kayo't ating gisingin si Cristo sa ating mga buhay.

<sup>130</sup> Papaano n'yo gigisingin si Cristo? Sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanyang Salita. Pananampalataya ang nagdadala sa Kanya sa eksena. Yun ang nagdadala sa Kanya sa eksena, ang pananampalataya. Kaya naman, tawagin n'yo Siya



para patunayan ang Kanyang Salita. At huwag kayong mag-aalinlangan, na matatakot kayo; huwag n'yong gagawin 'yun. Sadya ngang manampalataya sa Kanya sa kung papaano Ito nasusulat, at hayaan n'yong matupad 'yun, at patutunayan sa inyo ng Diyos na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Sumasamba tayo sa isang di-nakikitang Diyos.

<sup>131</sup> Kung may lalaki na lalakad dito sa entablado, ngayong gabi, na may mga pilat na galing sa pagpapapako sa kanyang mga kamay, at may mga marka ng tinik sa palibot dito, di nga 'yun ang Diyos. Napaka rami na nating ganoon sa huling mga araw na ito. Kita n'yo? Buweno, sinumang mapagpaimbabaw ay kaya nilang gawin 'yan. Kita n'yo, sinumang manggagaya, mandaraya, ay kayang gayahin 'yun. Pero ang tanging paraan na makikilala n'yo si Jesus ay sa pamamagitan nga ng Kanya mismong mga gawa. At 'yung ganoong klaseng lalaki ay haya't sinusubukan lang niyang manggaya na siya raw si Jesus; at si Jesus nama'y di makikita sa ganoong katawan hanggang sa makita natin ang mismong Pagparito Niya. "Magsisilitaw ang mga bulaang cristo sa huling mga araw," ang sabi Niya, "at magpapakita rin ng mga dakilang kababalaghan, dakilang mga tanda," pero hindi pa rin 'yun 'yun.

<sup>132</sup> "Sapagkat gaya ng kidlat na kumikidlat sa Silangan, at nakikita ang liwanag hanggang sa Kanluran, gayon din naman ang pagparito ng Anak ng tao."

<sup>133</sup> Pero papaano nga natin malalaman na Siya'y kasa-kasama natin, na sa . . . sa ano bang anyo? Hindi nga sa pamamagitan ng intelektuwal na mga kaisipan; na wala namang patunay dun sa kanilang buhay mismo. Hindi nga sa pagsasabi lang ng, "Ako'y sumasampalataya." Hindi nga sa ganun. Kinakailangan na may bagay na mangyari sa inyo, na, ang Espiritu Santo mismo, na pagpapatibay mismo ng Diyos.

<sup>134</sup> At kaya naman kung sinasabi mo na natanggap mo ang Espiritu Santo, at di mo naman sinasampalatayan ang bawat Salita na narito, may kung anong bagay nga na mali sa espiritu na natanggap mo. Ang Espiritu Santo ang sumulat ng Biblia, at di Niya puwedeng sabihin, "Nagsinungaling Ako *rito*. Di ganito ang ibig sabihin Ko *Roon*." Hindi Siya 'yan; Siya kasi'y sakdal.

<sup>135</sup> Pansinin, kung papaano Siya nakikilala, kung ano Siya? Kung sinabi ng Biblia, sa Mga Taga-Colosas 1:15, na tayo—tayo nga'y . . . tayo'y sumasamba sa isang "di-nakikitang Diyos." Na ang Diyos ay di-nakikita. Sinasampalatayan n'yo ba 'yan? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kung ganoon ay itong tao na magpupunta halimbawa rito na may mga pilat ng pagpapapako, at may usok, at dugo, at lahat na, di nga 'yun makapagpapakilala na siya ang Diyos. Ang sinasamba natin ay isang Diyos na di-nakikita. Siya nga'y kung papaano noon

na di-nakikita ay siya ngang di pa rin nakikita hanggang sa ipakilala Niya ang Kanyang Sarili kay Jesus Cristo. Tama po ba? [“Amen.”]

<sup>136</sup> Ngayon ang di-nakikitang Diyos na ito’y nagpakilala ng Kanyang Sarili sa inyo. Kita n’yo? Kayo ang Kanyang templo. Kayo ang . . . “Ang inyong katawan ay ang templo ng Espiritu Santo.” Yan ang sinasabi ng Kasulatan.

<sup>137</sup> Yung Haliging Apoy na nakita ni Moises ay di ’yun ang di-nakikitang Diyos. Yung Haliging Apoy ang Kaluwalhatiang Shekinah na sumasagisag na ang di-nakikitang Diyos ay nasa malapit.

<sup>138</sup> Noong bautismuhan ni Juan si Jesus, ang Anak ng Diyos; ang Diyos, na di-nakikitang Diyos, ay bumaba sa anyo ng isang Liwanag, sa hugis ng kalapati na unti-unting dumadapo sa ere, ang di-nakikitang Diyos na napagkikilala sa Kaluwalhatiang Shekinah.

<sup>139</sup> Ang siya ring di-nakikitang Diyos ay ipinakilala ang Sarili Niya sa Haliging Apoy, isang Kaluwalhatiang Shekinah, noong ihandog nila ang templo nung panahon ni Solomon. Iyon nga’y dumako at nagpunta . . . Ang Haliging Apoy ay dumako roon sa loob sa likod ng mga tabing, doon sa dakong Kabanal-banal na mga banal. Ang Kaluwalhatiang Shekinah ay nagkaroon ng pagkakakilanlan.

<sup>140</sup> Ngayon, noong si Pablo ay nasa kanyang paglalakbay noon sa daan patungong Damasco, ang di-nakikitang Jesus Cristo ay ipinakilala ang Kanyang Sarili kay Pablo, sa anyo mismo ng Kaluwalhating Shekinah, isang Liwanag na bumulag sa mga matang ’yun ng isang makasalanan. Amen.

<sup>141</sup> Yung siya ring Kaluwalhatiang Shekinah na ’yun ay narito mismo ngayong gabing ito, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, kumakatawan sa isang di-nakikitang Diyos, pinagtitibay ang Kanyang mga Salita gamit ang siya ring mga tanda na Kanyang ipinangako na gagawin. Siya nga’y tinawag na roon sa eksena.

<sup>142</sup> Ngayon magagawa n’yo na bang tawagin Siya sa inyong buhay, at sabihin, “Panginoong Jesus, sinasampalatayanan ko Siya, sinasampalatayanan Ka sa Salita Mo. Nananampalataya ako na Ikaw nga’y narito. Nananampalataya ako na Ikaw ay narito, sa gabing ito, para tulungan ako. Ninanais ko na Ikaw po’y maparito sa aking bangka. Ninanais Kita, ang dakilang Espiritu Santo, na pumarito. Ako’y nasa kagipitan. Ako po’y may sakit. Isa po akong makasalanan. Ninanais ko—ko na Ikaw ay pumarito sa akin, ninanais ko na Iyo po akong tulungan. Napagtatanto ko na Ikaw po’y naroon lamang na nakahimlay, naghihintay, sa akin na tumawag sa Iyo. At ako po’y tatawag na mismo sa Iyo, nang buong puso ko”?

143 Ngayon iyuko na po natin ang ating mga ulo habang ginagawa natin 'yan. Maging mapitagan po. Manalangin kayo ng pinaka mainam n'yong pananalangin kailanman.

144 Ang bawat isa po'y huminto muna nang ilang sandali at magbulay. Sino kayo? Ano kayo? Saan kayo nanggaling, saan kayo patutungo? Kung kayo ay pumasok na makasalanan sa dako rito ngayong gabi na di n'yo nakikilala si Cristo, at may pagnanais kayo na Siya'y dumako sa loob ng inyong bangka sa gabing ito at nang sa gayon matulungan kayo na makaalpas sa naliligalig na mga anod, at nagnanais kayo na kayo'y maalaala sa pananalangin, maaari lang na itaas n'yo ang inyong kamay? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw, ikaw, ikaw, lahat ng nasa buong palibot ng gusali.

145 Maaari lamang na pagbulayin n'yo sa gunita n'yo ngayon, habang ipapanalangin ko kayo, na inyo ngang buksan lamang ang inyong puso. Yun lamang ang kinakailangan n'yong gawin. Ipagtapat n'yo lang, sabihin, "Panginoon, ako po'y nagkamali. Ninanais kong alalahanin Mo po ako."

146 Panginoong Diyos, nakikita Mo po ang mga kamay na ito. Itong mga taong ito, naniniwala po ako, Ama. Ako'y—ako'y nakatindig dito sa pagitan ng Buhay at kamatayan, para sa kanila. At napagtatanto ko, na sa Araw ng Paghatol, ako po'y dadako roon para sumagot sa bagay na ginagawa ko ngayon. At akin po mismong hinihiling, sa pananalangin, para sa kanila, Panginoon, na ang dakila ngang Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos ay magpakita sa kanila, sa oras na ito. Hinding-hindi nga sila iiwan Nito sa buong buhay nila. At sa paglipas ng kanilang buhay, sa bawat mumunting kagipitan, ang Kaluwalhatiang Shekinah nawa'y umantabay roon, na may pagkabatid na Ito'y maaaring tawagin anumang oras.

147 Sinabi nila sa mga Kasulatan, Ama, na, "Kanilang isinama Ka, sa kung paano Ka mismo, at inilagay Ka sa bangka."

148 Panginoong Jesus, Ikaw ay Espiritu, sa gabing ito, dito sa anyo at pangalan ng Espiritu Santo. Oh Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya ay amin Kang tanggapin sa kung ano Ka mismo, sa aming bangka, Ama. Iyo pong tulungan kami, Diyos. Iyo pong itulot na ang Kaluwalhatiang Shekinah ay lumitaw sa amin at magkaloob ng kapayapaan.

149 Wala po akong alam na dapat kong gawin, Panginoon, kundi ang sabihin itong sinabi Mo mismo, "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama unang-una, at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin." At sa likurang eksena ng mga kamay na ito, na naniniwala akong may sinseridad doon, na itinaas nila ang mga kamay nila sa Iyo. Kaya dalangin ko, Panginoong Jesus, kung ganoon, na bilang Iyong lingkod, itinatagubilin ko sila sa Iyo, bilang mga tanda ng pagtitipong ito rito sa Chicago.

<sup>150</sup> Itinataboy nang mariin ang diyablo na di na sila salingin pa uli! Sila'y pagmamay-ari na ng Diyos. Na di sila masaling ng kamay, ni Satanas, hanggang sa sila'y ganap na makatayo na nang may katatagan at may pagkabatid kung paano pakilusin ang kanilang sarili at labanan ang kaaway. Itinataboy ko nang mariin ang kaaway, sa pamamagitan ni Jesus Cristo, na lumayo sa mga taong ito.

<sup>151</sup> Nawa'y ang mapagmahal na Espiritu Santo'y hawakan sila, dalhin sila patungo sa pagbabautismo sa tubig, at sa bautismo ng Espiritu Santo, na pagkatapos ay tatatakan na sila patungo sa Kaharian ng Diyos hanggang sa Pagparito at pagpapakita ng nakikitang katawan ng Panginoong Jesus na aagaw paitaas sa Kanyang mga Nobya. Sila po'y pagmamay-ari Mo na, Ama. Nawa'y ang dakilang Diyos ng Kaluwalhatiayang Shekinah ay mapasa kanila ngayon at magpakailanman. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, akin itong idinadalangin. Amen.

<sup>152</sup> Ngayon sandali lang po. Yun po ang unang bagay na dapat gawin. Ngayon ang ikalawang bagay na dapat gawin, kapag natanggap n'yo na Siya, ay maging saksi rito, dahil Siya ang Dakilang Saserdote ng inyong pagtatapat. Hindi Niya kayo matutulungan hanggang sa unang-una't, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay inyong tanggapin Siya at—at hayagang magtatapat sa mga tao na Siya ang inyong Tagapagligtas. Siya, kung inyong ipagtatapat Siya rito. . . o ikahihiya n'yo Siya rito, Kanya kayong ikahihiya Roon. Kung hindi n'yo Siya ikahihiya rito, kung ganoon ay di Niya kayo ikahihiya Roon. Sa palagay ko, sa pagtatapos ng pagtitipong ito, haya't ang bawat isa na mga narito na tumanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas n'yo, ay narapat lamang na dumulog dito sa entablado at sabihin kung ano ang ipinangyari ng Diyos sa inyong puso.

<sup>153</sup> Ngayon, “Siya'y nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, Siya'y nabugbog dahil sa ating kasamaan; ang parusang ukol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya; at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.”

<sup>154</sup> Ngayon wala pong mga prayer card dito. Ang mga tao, tayo nga'y nanalangin na sa mga maysakit nung isang gabi, pero may puwersa akong nararamdaman na gawin ito. Ilan po ang mga may karamdaman na narito, pakitaas lang po ng inyong mga kamay. Kayo na mga maysakit at nangangailangan. Kilala ng Diyos kung sino-sino kayo. Manampalataya lamang.

<sup>155</sup> Ngayon wala pong aalis, mula, rito sa loob—sa loob ng ilang mga minutong kasunod. Isa po itong malaking bagay. Isa po itong dakilang bagay!

<sup>156</sup> Kaya kung may di-mananampalataya rito na di naniniwala rito, hinahamon kita, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na pumarito ka't sige't gawin mo ito. Kung may nalalaman kang iba pang paraan maliban sa Salita ng Diyos at—at ito nga'y, ang Salita

ng Diyos, gusto kong makita itong maipangyari. Kung ganoon, kung di mo rin naman magagawa, ay sumampalataya ka rito.

157 Ngayon ang bawat isa po na narito ay tumuon lang nang diretso sa direksyong ito; o, tumingala, mas mainam po 'yun. Sa tingin ko'y mahahatak ko ang atensyon n'yo sa isang bagay na di dapat ako. Gaya nga ni Pedro, ni Juan nung sabihin nila, "Tumingin ka sa amin." Di po ganoon ang ibig kong sabihin. Tayo, tayo nga'y tumingala na lamang.

158 At magsisipi po ako ng isa pa pong Kasulatan. "Siya ang Dakilang Saserdote ng ating pagpatatapat," alam natin 'yan, "at Siya rin ang Dakilang Saserdote na ito na maaaring mahipo na mahahabag sa ating kahinaan." Tama po ba? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

159 Ngayon igagala ko po ang paningin ko at titingnan ko kung sino ang makikita ko rito na mga kakilala ko na, dahil may ilan ako rito na mga kasamahan ko, na nakaupo rito, na galing pa ng tabernakulo dun sa amin. At ang isa sa kanila'y nakikilala ko, heto nga, siya't nasa bandang ibaba roon, si Gng. . . Ang pangalan nga niya dati ay Griffin. Nakalimutan ko lang kung ano nang pangalan niya ngayon. Si Kapatid na babaing Rosella po'y narito, siya at ang nanay niya'y nakaupo rito. Isa ngang nalulong sa alak noon dito sa Chicago, at pinagaling siya ng Panginooon sa pagtitipon. Lahat naman kayo, halos, ay kilala si Rosella na narito; sa mga pagmi-misyong, at iba pa, sa mga dako kung saan siya nakadalo, na pinapatotoo 'yun. Isa ngang lulong na lulong sa alak dati, at ngayon ay isa nang kalugud-lugod na Cristiano, at sadyang tinawag nung siya ring Kaluwalhatiang Shekinah. At hindi nga 'yun kumukupas, siyanga, hindi ba, Rosella? [Sinababi ni Kapatid na Rosella, "Amen."—Pat.]

160 At ngayon iginagala ko uli ang aking paningin sa paligid. Di lang po ako sigurado, pero sa palagay ko'y kilala ko itong binibini rito na nakaupo, sa puwesto rito, 'yung pangalawang babae sa dako rito, na 'yung mga kamay niya'y nakatakip sa kanyang bibig. Di ko lang masabi ang pangalan niya. Oo, ikaw po. Hindi ba't nagpupunta ka roon sa tabernakulo? Kayo po ba si Gng. Peckinpugh? Tama po ba? Tama nga ang palagay ko. Sige po.

161 At pagkatapos dito naman, dun sa ikatlong babae sa likod, si Gng. Way, ang maybahay nung lalaki na natumba sa sahig na namatay dun sa simbahan nung isang araw, dahil sa atake sa puso, at 'yung lalaki nga'y binuhay, na nakaupo rito.

162 Mayroon na po ba ritong di pa nakasasaksi sa isang tao na binuhay muli mula sa patay? Kung di pa kayo nakakasaksi, itaas n'yo ang inyong mga kamay, na di pa kayo nakakakita ng binuhay mula sa patay. Sige't tumayo ka, G. Way. [Nagbunyi ang kongregasyon—Pat.]

<sup>163</sup> Ako nga'y nangangaral nung mga oras na 'yun na katulad mismo ngayon, na ang Kaluwalhating Shekinah ay naroon, at bigla na lang, inatake siya sa puso, 'yung mata niya'y umatras sa likuran ng mga talukap niya. Ngayon magagawa n'yo ngang isara ang mga mata n'yo, pero di n'yo magagawa na 'yung mata n'yo ay iatras n'yo sa likod ng mga talukap n'yo. Yung kanya pong maybahay na naroon na isang, rehistradong nars na nang maraming taon, siya nga'y napasigaw nung suriin niya ang puso nung lalaki't makitang wala na siya. Pinakalma ko ang mga naroon, bumaba ako. Nangangaral po ako noon. Ipinatong ko ang aking mga kamay sa kanya, at pinakiramdaman ko. Tumingin ako sa maybahay niya, at ang sabi ng asawa, "Wala na siya." At sinubukan kong imulat ang mga mata niya, nakita ko mismo 'yung mga mata niya na umatras na sa loob . . . 'yung likurang bahagi, 'yung talukap, iminulat ko nang *paganoon*. Wala na nga siyang pulso kung papaanong *ganito* 'yun.

<sup>164</sup> Sabi ko, "Panginoong Jesus," at Siya'y dumating sa eksena.

<sup>165</sup> Ipinatong ko ang kamay ko sa lalaki. At nagsalita siya, sinusubukan niyang magsalita, "Kapatid na Branham . . ." Siya nga'y hinang-hina na noon na di niya magawang . . . Pero narito siya ngayon na nakatayo, sa gabing ito, isang tropeo ng biyaya ng Diyos.

<sup>166</sup> Ngayon 'yan po'y, isa, sa lima o anim na napatunayang kaso ng patay na, kung minsan pa nga'y anim o walong oras na ang nakalipas, na nanumbalik muli sa buhay, sa pamamagitan ng Presensya ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng panalangin.

<sup>167</sup> Di ko lang po sigurado, kung ito pong munting binibini na nakaupo rito, sa palagay ko ay isa siya. Kilala kita. Di ko lang alam ang pangalan mo, pero kilala kita. Tama po?

<sup>168</sup> At heto rin si Kapatid na Brown, sa tingin ko'y tama 'yun, kung di ako nagkakamali, na nakaupo . . . Si Kapatid na Brown po ba 'yan? Hindi, hindi po pala. Pasensya na po. Sige po, sa tingin ko'y 'yun na ang lahat, sa palagay ko.

<sup>169</sup> Sige't manalangin na kayo ngayon, sabihin, "Panginoong Jesus, itulot Mo na aking mahipo ang Iyong damit, Ikaw ang Dakilang Saserdote. At alam ko—alam ko na si Kapatid na Branham, di niya ako kakilala, wala siyang nalalaman na ano man tungkol sa akin. Pero nakikilala Mo po ako. At kung Iyo lang papayagan na mahipo ko ang Iyong damit. Ako'y—ako'y nagnanais na mapagaling." Ngayon manalangin lang kayo ng panalangin na 'yan.

<sup>170</sup> At ako nama'y hihiling ng ganito sa Diyos. Panginoong Jesus, at sa pagtatapos ng pagtitipong ito sa gabing ito, na ang mga tao, maraming mga baguhan ang nasa loob ng pintuan, at marahil di nila ito mauunawaan, pero Iyo pong itulot na kanila mismong mapagkilala na ang Mensahe ay totoo. Pumarito Ka, Panginoong Jesus, at magkaloob sa amin. At maipasakop nawa

namin ang aming mga sarili, nang magkakalakip, upang ang di-mananampalataya o itong mga bagong-silang dito na mga Cristiano'y makita nila na ang Kaluwalhatiang Shekinah ng Diyos ay narito mismo ngayon, napagkilala ng litrato, maging ng siyensiya, sa mga kaiglesyahan sa buong mundo. Ikaw po'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kami po'y sumasampalataya sa Iyo.

171 Ang Panginoong Jesus nawa'y. . . [Isang kapatid na babae ang nagsimulang magsalita sa ibang wika. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Purihin ang Panginoon. Ngayon ipinakikilala nga mismo ng Diyos ang Kanyang Sarili rito. Ngayon, naniniwala po ako na totoo 'yan.

172 Ngayon sige po't ang ilan sa inyo'y dumako sa bahaging ito *rito*, at pagkatapos dadaan po kayo sa gawi *rito*, at pagkatapos sunud-sunod na, umikot dito. At sige't manampalataya po lang na. . . Ngayon wala po sanang magpapalakad-lakad ngayon. Manatili lamang nang taimtim.

173 Ngayon di ko po sinasabi na Kanyang gagawin ito. Umaasa lamang ako na gagawin Niya. Pero hindi po ba't kung gagawin Niya 'yun, ay 'yun na mismo ang pagpapatibay ng Salitang ito, na Siya ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Hindi ba't sa ganoong paraan napagkilala ng mga tao na Siya ang Mesiyas dun sa simula? Kung ganoon ay ipinakikilala na Niya mismo ang Kanyang Sarili sa Kanyang iglesya, sa gabing ito, na Siya mismo ang siya ring Mesiyas na 'yun, kung kayo lamang ay makasampalataya.

174 Ngayon manalangin lamang po. Kinakailangan kong ibanal ang buo. . . ibuhos ang buo kong pansin, ang ibig kong sabihin, sa isang gawi rito, haya't tumuon sa mga tao rito't tumingin. Ako—ako. . .

175 Siyanga't, salamat sa Diyos, narito nga Ito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inilalagay ko ang bawat espiritu sa ilalim ng aking pamamahala, para sa Kaluwalhatian ng Diyos. Ngayon alam n'yo na ang ibig sabihin nito. Maging taimtim po lamang.

176 Hayan nga ang Liwanag na nakalutang sa ibabaw ng isang munting babae na nakaupo riyon sa likod, isang kabataang babae, nakasuot ng kulay-rosas na damit. Nananalangin siya para sa kanyang asawang lalaki. Ang asawa po'y tumalikod sa pananampalataya, nakaupo ang babae diyan sa tabi ng poste. Sasampalatayanan ito ng asawang lalaki, tatanggapin ito, at ipangyayari ng Diyos ang himala na 'yan para sa iyo kung iyo lamang itong sasampalatayanan.

177 Ang ginang naman na nakaupo sa tabi mo ay nagbubulay rin tungkol sa kanyang asawa. . . Hindi po, sa kanya po palang kapatid na lalaki na ipapasok na sa ospital, kinabukasan, sa Veterans Hospital. Kung masasampalatayanan mo rin, 'yun

nga'y ipangyayari sa iyo, siyanga rin, kung makasasampalataya ka rito.

178 Heto ang isang lalaki. Pagpalain ka ng Panginoon. Sige't iyo lamang tanggapin ito. Matatanggap mo ang hinihiling mo.

179 May isang lalaki riyang naoperahan, dahil sa kanser, siya po'y nakaupo sa dako rito. Kung makasasampalataya ka, ikaw ay gagaling. Sasampalatayanan mo ba ito? G. Wilcox, tumayo ka, tanggapin mo ang kagalingan mo. Alam ng Makalangit na Ama na di ko pa nakikita ang lalaking ito, sa buong buhay ko. Tama. Huwag na huwag ka nang mag-alala, ginoo. Tayo ba'y di magkakilala; sige't iwagayway mo lang ang kamay mo sa isa't isa. Sige po.

180 Ano 'yun? Ang Kaluwalhatiang Shekinah; si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

181 Ang babaing itim dito na may hernia, mga komplikasyon. Gng. Burnet, sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ni Jesus Cristo? Kung ganon ay matatanggap mo. Amen. Di ko pa nakikita ang babaing ito, sa buong buhay ko.

182 Hayan din ang may hika, nakaupo siya riyang sa likod, lubos na pinahirapan nito, ang lalaki riyang na nakatingin nang direktso sa akin. Oh, kung magagawa ko lang... na sabihin ng Panginoon sa akin kung sino ito... G. McGill, tumayo ka at tanggapin mo ang kagalingan mo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Hindi ko pa nakikita ang lalaking ito, sa buong buhay ko. Alam 'yan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

183 May isa pa rito. Heto nga ang isa pang lalaki rito, may pamumuo siya ng dugo sa palibot ng puso niya, nakaupo riyang sa pinaka likod na hilerang. Nananampalataya ka ba na ikaw ay pagagalingin mismo ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat at paiigihing ang lagay mo? Ito lang ang tanging pag-asa mo, para mabuhay.

184 Ang lalaking ito rito na nakaupo sa bandang dulo rito, siya po'y nananalangin para sa isang lalaki na nasa Norway, siya'y nananalangin para sa kanyang kaibigan. Ang lalaki mismo'y nagdurusa ng sakit sa likod. Tama 'yun, hindi po ba? Itaas mo ang iyong kamay. Hayan nga, natanggap mo ang ninanais mo.

185 Tumawag lamang kayo sa Kanya! Narito Siya. Narito Siya sa bangka. Nananampalataya ba kayo sa Kanya? [Nagbubunyi ang kongregasyon—Pat.]

186 Tumayo kayo kung ganon, at sabihin, "Panginoong Jesus Cristo, akin Ka pong tinatawag ngayon. Nananampalataya ako sa Iyo. Tinatawag po Kita sa eksena, para sa akin." Itaas n'yo lang ang inyong kamay, at sa sarili n'yong paraan, ihiyaw n'yo ang pangangailangan n'yo. Sa sarili n'yo. Ikaw ang may sakit. Narito Siya, Kanya na mismong ipinakilala nang malinaw na



malinaw ang Kanyang Sarili. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Luwalhatiin ang Diyos!

Makalangit na Ama, humihiling po kami ng tulong sa oras na ito ng pangangailangan.

<sup>187</sup> Hinahamon ko si Satanas, sa Presensya ng napagkilalang Jesus Cristo. Sa mga panyong ito, at sa mga taong ito; Satanas, di mo na sila mahahawakan pa. Sinasaway ka ni Jesus Cristo! Nananampalataya ang mga tao na Siya'y naroon sa bangka. Siya nga'y narito mismo ngayon. Ang Kanyang Kaluwalhatiang Shekinah ay narito sa ibabaw namin. Lumayas ka mula rito, Satanas! Hinahamon kita, sa Pangalan ni Jesus!



*PAGTAWAG KAY JESUS SA EKSENA* TAG63-0804E  
(Calling Jesus On The Scene)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Agosto 4, 1963 sa Marigold Center sa Chicago, Illinois, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)